# ANG ANTITHESIS:

# BANAL NA PAMUMUHAY SA MASAMANG PANAHON

**Sulat nina:**

**Rev. Daniel Kleyn**
**Rev. Garry J. Eriks**
**Prof. Herman C. Hanko**

# MGA PAHINA


**"Mamuhay na Antitetikal sa Panahon ng Teknolohiya"**
- Rev. D. Kleyn

Panimula
Ang Kaisipan ng *Antithesis*
Ang Espiritual na Katangian ng *Antithesis*
Ang Pagkatawag Patungkol sa Teknolohiya
Ang mga Panganib ng *Internet*
Ang Pagkatawag Upang Lumaban
Konklusyon

**"Mamuhay na Antitetikal sa Panahon ng Pag-iimbot"**
- Rev. G. Eriks

Panimula
Ang Kasalanan ng Pag-iimbot
Ang Biyaya ng Kasiyahan
Ang mga Dahilan
Ang Resulta

**"Mamuhay na Antitetikal sa Panahon ng Imoralidad"**
- Prof. Herman H. Hanko

Panimula
Ang *Antithesis* at Ang Tipan
Ang Imoralidad ng Sanlibutan
Ang *Antithesis* sa Pag-aasawa
Ang Ating mga Katawan, Templo ng Espiritu Santo
Pakikidigma ang Kahulugan ng *Antithesis* At Isang Paglalakbay

## PAUNANG-SALITA

Ang nailimbag na babasahing ito ay naglalaman ng tatlong mga pananalita na ibinigay noong Enero, 2007 sa *Winter Conference* sa pangunguna ng *Evangelism Committee ng First Protestant Reformed Church of Holland, MI.* Ang paksa ng *conference* na ito ay, "Ang *Antithesis*: Banal na Pamumuhay sa Masamang Panahon."

Ang paksang ito ay mahalaga sa liwanag ng katotohanan na ang salita mismo ("*antithesis*") ay tunay na nalilimutan na. Karagdagan pa rito, ang mahalagang katotohanang ipinahahayag dito, kasama ng praktikal na pagsasagawa nito sa buhay ng isang Cristiano, ay madalas tinatanggihan, at kinakalaban sa panahong ito ng pagpapabaya at ekumenismo. Dahil sa mga ito, nadama namin ang pangangailangang pag-usapan ang paksang ito.

Nais naming ipahayag ang pasasalamat sa tatlong mga tagapagsalita para sa kanilang napapanahong pagtuturo, na naging maliwanag ang pagkatawag sa bayan ng Diyos habang namumuhay sa gitna ng isang sanlibutang tumitindi ang kasamaan.

Inaasahan at dalangin namin na ang Diyos ay malugod na gamitin ang babasahing ito bilang kasangkapan sa ikatitibay sa pananampalataya at sa paglakad sa buhay. Ang Kanyang Salita nawa sa 1 Juan 2:15 -17 ang ating maging gabay: "*Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan. Sapagkat ang lahat na nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan. Ang sanlibutan at ang pagnanasa nito ay lumilipas, ngunit ang gumagawa ng kalooban ng Diyos ay nananatili magpakailanman*."

**Ang Komite ng Ebanghelismo**

ng

First Protestant Reformed Church
ng Holland, Michigan, USA

**ANG *ANTITHESIS*:**
**BANAL NA PAMUMUHAY SA MASAMANG PANAHON**

**Speech #1**

# "Mamuhay na Antitetikal sa Panahon ng Teknolohiya"

**ni Rev. Daniel Kleyn**

**Panimula:**

Ang paksa na nasa ating harapan ngayon ay kapwa mahalaga at napapanahon. Isa sa mga dahilan nito ay dahil ang salitang "*antithesis*" mismo ay nagagamit ng mali sa iba't ibang paraan. Kaya ang resulta, may kawalang-malay ngayon patungkol sa kung ano ba talaga ang eksaktong kahulugan ng antithesis. Mabuti, kung gayon, na ating bigyan ng panahong tingnan at alamin ang kahulugan ng salitang ito.

Ito rin ay mahalaga at napapanahong paksa dahil ang katotohanan ng *antithesis* ay lubhang praktikal. Iyan ay ipinahayag sa ilalim ng pamagat ng babasahing ito na, "Banal na Pamumuhay sa Masamang Panahon." Nakita mo, na ang antithesis ay may kinalaman kung paano tayo mamumuhay, at lalo na, kung ano ang dapat gawin patungkol sa sanlibutan na dito ay inilagay tayo ng Diyos. Nauunawaan natin na ang sanlibutan na ating tinatahanan ay isang masamang sanlibutan. Ang lipunan ay hindi Cristiano. Sa halip, namumuhay tayo sa isang masamang panahon. At iyan nga mismo ang dahilan kaya napakahalaga at napapanahon ng paksang ito sa bawat isa sa atin.

Gayunman, kaya ito naging mahalaga at napapanahon ay ang katotohanan na ang mga bagay sa sanlibutan ay hindi bumubuti, kundi, mabilis pa ngang nagiging mas masama. Habang papalapit ang huling panahon, sumasagana ang kasamaan, mas nagiging

malakas ang tukso, at si Satanas ay naglalagay ng malaking kabigatan sa bayan ng Diyos na gayahin ang sanlibutan. At patungkol sa paksang ito na ating isinasaalang-alang, (ang patungkol sa teknolohiya), ang mga pag-atake ni Satanas sa ating panahon ay dumarating lalo na laban sa ating mga anak at kabataan. Kaya lubhang kinakailangan at higit na mahalaga, para sa mga bata at kabataan sa bayan ng Diyos, na magiging mga lider sa hinaharap sa iglesia ni Cristo sa sanlibutang ito, kung loloobin ng Panginoon.

Kaya kailangan natin na paalalahanan ng mahalagang katotohanang ito, at maturuan patungkol sa ating pagkatawag bilang bayan ng Diyos sa gitna ng isang masamang sanlibutan.

Ang aking paksa ay, "Mamuhay ng Antitetikal sa Panahon ng Teknolohiya." Gayunman, bago natin tingnan ito, kailangan nating unahing isaalang-alang kung ano ba mismo ang antithesis.

## Ang Kaisipan ng *Antithesis*

Gaya ng nasabi na, ang salitang "*antithesis*" ay salitang hindi pamilyar sa lahat. Marahil, hindi pa ito naririnig ng iba. Kung sa Ingles na salita mismo ang pag-uusapan, ito ay binubuo ng dalawang salita, "*anti*" at "*thesis*." Ang kahulugan ng salitang "*anti*" ay "laban." Ang salitang "*thesis*" ay madalas ginagamit patungkol sa isang posisyon sa usapin na isinusulat ng isang estudyante. Sa isinulat na ito ng estudyante, ibinibigay niya ang isang posisyon o pananaw sa isang paksa. Kaya ang salitang "*antithesis*" ay may kahulugang maging laban sa isang posisyon, o sa isang pananaw.

Higit na makakatulong upang maunawaan ang salitang ito, na ito ay nagmula sa salitang Griyego na ang literal na kahulugan ay, "upang ilagay o ipakita ang pagkasalungat." Kaya kung ang pag-uusapan ay ang mismong salita, ang *antithesis* ay mabibigyang kahulugan, isang bagay na naninindigang taliwas, o kabaligtaran.

Gayunman, ang mismong Kasulatan ang mas makatutulong sa pagpapaliwanag kung ano ba ang mismong kahulugan ng salita. At sa pagnanais na malaman ang itinuturo nito, tingnan muna natin ang lahat ng mga talata sa Salita ng Diyos na unang nagsasabi ng buong kaisipan ng *antithesis*. Ang talatang ito ay ang Genesis 3:15. Sa talatang ito, ang Diyos ay nagsasalita sa diablo matapos mahulog ang tao sa kasalanan. Sinabi ng Diyos sa diablo, "Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi. Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong."

Sa maikling salita, iyan ang talata ng *antithesis*. Ang talatang iyan ang nagbibigay sa atin ng kahulugan ng *antithesis.* Sinasabi ng Diyos sa diablo, "Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi." Pagkapoot sa pagitan ng binhi ni Satanas at ng binhi ni Cristo. Pagkapoot sa pagitan ng mga anak ng diablo at ng mga anak ng Diyos, sa pagitan ng masasama at matutuwid, sa pagitan ng iglesia at ng sanlibutan. Iyan ang *antithesis*.

May ilang mahahalagang punto na dapat pansinin mula sa Genesis 3:15. Una sa lahat, tulad sa nasabi ko, ang puso nito ay nasa pagkapoot. Ang pagkapoot ay pag-aaway, digmaan, at di-pagkakaunawaan. At sinasabi ng Diyos, "Iyan ang iiral sa pagitan ni Satanas at ni Cristo, at iyan ang iiral sa pagitan ng kanilang mga binhi." Hindi pagkakaibigan, hindi pagsasama-sama, hindi pag-iibigan (sa anumang pangyayari), kundi pagkapoot. Narito ang mga binhi sa sanlibutan: ang binhi ng babae, at ang binhi ng ahas. At dahil sa *antithesis* na inilagay ng Diyos, hindi magsasama ang dalawang binhing ito, at hindi maaaring magsama. Sila ay magkaibang-magkaiba – espiritual na magkaiba. Kaya marapat na may paghihiwalay sa pagitan nila.

Pansinin mo, ikalawa, ang naglagay ng pagkapoot ay ang Diyos. Sinasabi ng Diyos, "Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi." Hindi ikaw at ako ang gumawa ng pagkapoot na ito. Hindi ikaw

at ako ang nagpasya na tayo ay magiging kaaway ng diablo at ng masamang sanlibutan. Hindi ikaw o ako ang nagpasya na dapat ay may paghihiwalay sa pagitan ng banal at masasama. Inilagay ito ng Diyos doon. Ang Diyos ang Siyang naglagay ng pagkapoot, pagkagalit, paglalaban, at digmaan sa pagitan ng binhi ng babae at binhi ng ahas.

Ginawa iyan ng Diyos sa tatlong mahalagang pamamaraan. Una sa lahat, ginawa iyan ng Diyos ayon sa panukala ng pagtatalaga sa walang pasimula, sa pasya ng paghirang at pagtatakuwil. Ipinasiya ito ng Diyos, bago pa man nilalang ang tao, at bago pa mahulog sa kasalanan, at bago pa ito sabihin ng Diyos sa diablo, na ang lahi ng sangkatauhan ay mula sa dalawang magkaibang mga tao, ang hinirang at ang itinakuwil. Dito nagmula ang *antithesis* – sa panukala ng pagtatalaga ng Diyos.

Ikalawa, naglagay ang Diyos ng pagkapoot sa pagitan ng dalawang binhi at naisakatuparan sa pamamagitan ng gawa ni Cristo sa krus. Sa krus, namatay ang Panginoong Jesu Cristo, ibinuhos ang Kanyang dugo, at ibinigay ang Kanyang buhay na pantubos. Subalit hindi Niya tinubos ang bawat isa. Ang Kanyang paghahandog sa krus ay hindi pangkalahatan. Kundi namatay si Cristo para sa Kanyang mga tupa, para sa Kanyang bayan. At dito mo mauunawaan na ang kamatayan ni Cristo at gawa ni Cristo ay upang tubusin ang bayan ng Diyos mula sa kanya na siyang likas na ama, ang diablo. At dahil sa pagkatubos mula sa diablo sila ngayon ay kabilang na kay Cristo, at sa Diyos. Nagiging isang realidad ang *antithesis* sa katotohanan na si Cristo ay namatay lamang para sa iilan. Kung ang Panginoong Jesu Cristo ay namatay upang iligtas ang lahat ng tao, hindi na iiral ang *antithesis*.

Sa ikatlong bahagi, tinitiyak ng Diyos na iiral ang pagkapoot na ito sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu Santo. Ito ay isinakatuparan sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu na pagbuhay sa mga pinaghandugan ng kamatayan ni Cristo. Ang gawang ito ay lubos na nagpapabago sa atin, ginagawa tayong ibang-iba mula

sa masasama. At sa gayon ito ay gawa na nagdudulot ng pagkapoot at away na umiiral sa pagitan natin at ng masasama. Kaya nga, ang gawa ng Espiritu na pagbuhay sa atin ay kaparaanan, kung saan tinitiyak ng Diyos na iiral ang *antithesis* sa sanlibutan.

## Ang Espiritual Na Katangian ng *Antithesis*

Kapag pinag-usapan ang *antithesis*, napakahalagang maunawaan na ang paghihiwalay na ito sa pagitan ng banal at ng masasama ay isang espiritual na paghihiwalay. Totoo na minsan, dahil sa pangangailangan, nangyayari ito sa pisikal na aspeto. Subalit ang mahalaga, ang paghihiwalay sa pagitan ng iglesia at ng sanlibutan ay espiritual.

Ang *antithesis* ay hindi nangangahulugang pagtakas sa sanlibutan. Ito ay hindi pagtalikod ng bayan ng Diyos sa sanlibutan, na bubuo sila ng isang bukod na komunidad, at ihihiwalay ang sarili mula sa masasama. Iyan ang itinuro at ginawa ng mga *Anabaptist* sa panahon ng Repormasyon noong ika-15 at ika-16 na mga siglo. At iyan ang patuloy pa rin na kasanayan ng *Anabaptist* ngayon, na makikita sa mga *Amish*, na tumatanggi sa paggamit ng teknolohiya, kuryente, mga sasakyan, at marami pang iba.

Ilan sa mga dahilan ng mga tumatangkilik sa ganitong pisikal na paghiwalay ay dahil kung titingnan mo ang sanlibutan at ang mga bagay na nagagawa nito at naidudulot, napansin nila ang sobrang kasamaan. Kaya naman tinatanggihan nila ang lahat ng nasa sanlibutan, na nagsasabi (ng hindi tama) na ang mga bagay mismo ang masama. Gayunman, nalalaman natin buhat sa Salita ng Diyos, na hindi ito ganito. Sinasabi sa atin ng 1 Timoteo 4:4 - 5, "Sapagkat ang bawat nilalang ng Diyos ay mabuti at walang anumang dapat tanggihan, kung tinatanggap ito na may pagpapasalamat; sapagkat ito ay pinababanal sa pamamagitan ng salita ng Diyos at ng panalangin." Hindi ang mga bagay mismo ang masama.

Isang bagay na napakahalaga ang nalimutan ng iba na nag-aakalang ang pagkatawag ng mga Cristiano ay ihiwalay ng pisikal ang sarili sa sanlibutan. Ang tinutukoy ko ay ang katotohanan na kahit ang anak ng Diyos ay may sanlibutan sa kanyang puso. Ang bawat tao sa sanlibutan, kahit ang ipinanganak na muling mananampalataya, ay may dalang sanlibutan saan man siya magtungo, sa mismong puso niya, at sa kanyang makasalanang laman. Kaya naman, imposible, para sa sinuman na ihiwalay ang sarili mula sa sanlibutan at sa kasalanan nito.

Kaya naman, maliwanag na ang *antithesis* ay marapat unawain bilang espiritual na pagkapoot, at kung gayon, ito ay espiritual na paghiwalay sa sanlibutan. Masasabi natin ito sa ganitong paraan: hindi pagtakas sa sanlibutan, kundi pakikipaglaban sa sanlibutan. Iyan ang *antithesis*.

Hindi lang sa Genesis 3:15 ito sinasabi ng Kasulatan, kundi sa kabuuan. Naipahayag ang *antithesis*, halimbawa, sa 2 Corinto 6:14 & 17, "Huwag kayong makipamatok sa mga hindi mananampalataya, sapagkat anong pagsasama mayroon ang katuwiran at kasamaan? O anong pagsasama mayroon ang liwanag sa kadiliman?... Kaya nga, lumabas kayo sa kanila, at humiwalay kayo, sabi ng Panginoon, at huwag kayong humipo ng anumang bagay na marurumi." At sa Apocalipsis 18:4 inutusan tayo na, "Magsilabas kayo sa kanya, bayan ko, upang huwag kayong madamay sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong makabahagi sa kanyang salot."

Sa biyaya ng Diyos, kapag sinunod natin ang Kanyang Salita at espiritual tayong humiwalay, tayo at ang ating mga anak nga ay espiritual na ligtas. Sinasabi ng Kasulatan sa atin, "Kaya't ang Israel ay ligtas na namumuhay" (Deuteronomio 33:28).

## Ang Pagkatawag Patungkol sa Teknolohiya

Maliwanag sa nasabi na kanina, at lalong naging maliwanag mula sa Kasulatan, na ang *antithesis* ay hindi lamang isang kaisipan o

haka-haka, kundi isang pagkatawag. At ang pagkatawag na ito ay ang utos na dumating sa bayan ng Diyos upang mamuhay ayon sa *antithesis*, na mamuhay na hiwalay (espiritual) sa sanlibutan. Ito ang tunay na kabuuan sa buhay ng Cristiano. Ito ay hiwalay at taliwas na espiritual na buhay. Ito ay buhay na hindi pakikipag-kaibigan sa sanlibutan. Ito ay buhay na gaya sa manlalakbay at dayuhan sa lupa.

Hindi tayo maaaring kagaya sa pamumuhay ng iba na naglalarawan ng pakikiayon (*synthesis*) sa sanlibutan. Iyan kasi ang popular ngayon. Nariyan ang pagtulak na pagtutulungan ng iglesia at ng sanlibutan. Sinasabi na ang iglesia at ang sanlibutan ay marapat magsanib ng lakas upang magtagumpay sa iisang layunin. Subalit ang gayong pakikiayon ay pagtatangka na pag-isahin ang liwanag at kadiliman, ang katotohanan at kasinungalingan, si Cristo at ang diablo. Hindi pakikiayon (*synthesis*), sa halip ay *antithesis*. Ito ang ating pagkatawag.

Sila na mga kaibigan ng Diyos ay hindi marapat makipag-kaibigan sa mga kaaway ng Diyos. Inuutusan tayo (1 Juan 2:15), "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan." At ano ang mga bagay na nasa sanlibutan na huwag nating iibigin? Ang mga ito ay ang (1 Juan 2:16) "pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas." Huwag nating ibigin ang sanlibutan, at huwag ibigin ang mga bagay na ito na nasa sanlibutan. Bilang bayan ng Diyos, ganito ang ating pagkatawag sa masamang sanlibutan. At lalo na, ganyan din ang ating pagkatawag patungkol sa teknolohiya.

Ang totoo, alam natin ang katotohanang nabubuhay tayo sa panahon ng makabagong teknolohiya. Nasa paligid natin ang teknolohiya. Ang teknolohiya ay malaking bahagi sa ating pang araw-araw na pamumuhay, kagaya ng telebisyon, radyo, *sound systems*, *computer, cell phone, ipods, MP3 players, PDA's, digital camera, CD players, DVD players*, *video games*, at maraming marami pa. Ang teknolohiya ngayon ay ginagamit sa bawat posibleng layunin at bawat bahagi ng buhay – para sa

komunikasyon, sa edukasyon, sa pagsasaka, sa pagmamatyag, sa pagsubaybay sa mga kriminal, sa *appliances*, sa larangan ng *entertainment*, sa pagbibigay ng lagay ng panahon, sa pakikipaglaban sa mga digmaan, sa pagtuklas at paglunas sa mga karamdaman, atbp. Sa lahat ng mga teknolohiyang ito na nasa atin ngayon upang sumulong, walang tumatagal at kadalasan ay nakakahilo ang pagpapalit-palit ng modelo nito.

Ang pagkatawag ng anak ng Diyos ay mamuhay ayon sa *antithesis* kaugnay sa mga bagay na ito. Ano ang ibig sabihin nito? Ano ang kasama dito?

Maliwanag na ang isang aspeto ng ating pagkatawag ay ito: hindi natin marapat isipin o gawing diyos ang teknolohiya. Nagtitiwala akong naiintindihan mo na walang masama sa mismong teknolohiya. Maraming mga positibong gamit ang teknolohiya. Isaalang-alang mo kung paanong nagagamit ito, lalo na ang *internet*, sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, sa gawaing-misyon at ebanghelismo. Malaking tulong na naaabot ng Salita ng Diyos ang iba't ibang lugar, na kung hindi dahil dito, hindi natin ito magagawa. Dahil dito, natutuklasan ng maraming tao sa buong mundo ang katotohanan na ipinagkatiwala at pinanghahawakan at sinasampalatayanan natin. Isipin mo rin kung ano ang nagagawa ng teknolohiya upang maisakatuparan ang digmaan, at maging sa larangan ng edukasyon, at sa daigdig ng medisina. Mga bagay ito na nakamamangha!

Dahil sa lahat ng mga bagay na ito, ang tukso na ating hinaharap ngayon ay ang ipagpalit ang Diyos sa teknolohiya. Sa ating pagsasaalang-alang sa teknolohiya at sa lahat ng mga bagay na naibibigay at naisasakatuparan nito, naiisip mo siguro, na ang teknolohiya ay may mga katangiang gaya ng sa Diyos: ito ay lubos na makapangyarihan; nagagawa nito na tayo ay maging marurunong, nakagagawa ito ng mga himala.

Sinasamba ng masasamang lalaki at babae ang teknolohiya, at kasama na rin ang mga gumawa nito. Pinupuri nila ang mga ito.

Sa kanila nila hinahanap ang kasagutan. Nagtitiwala sila sa mga ito sa lunas ng mga karamdaman. Gayunman, ang anak ng Diyos ay marapat magtiwala at sumamba lamang sa Diyos. Hindi natin maaaring gawing diyos ang teknolohiya, gaya ng ginagawa ng sanlibutan.

Ang isa pang aspeto ng pamumuhay sa *antithesis* patungkol sa teknolohiya ay ang panatilihin natin ang ating mga sarili na hiwalay, hindi sa mismong teknolohiya, kundi sa maling paggamit at pag-abuso dito. Dahil inaabuso mismo ito ng sanlibutan, ginagamit para sa maka-taong layunin, ginagamit ito upang maiwasan ang epekto ng sumpa, at ginagamit ito upang gumawa at tangkilikin ang kasalanan, pagmumura, karahasan, pagtatalik, *homosexuality*, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, paglalasing, at iba pa. At kahit sa larangan ng medisina inaabuso ng sanlibutan ang teknolohiya, halimbawa ay pagnanais na lumikha ng tao (*clone*) gamit ang teknolohiya. Ang diablo ang nasa likod nito. At ginagamit ng diablo at ng sanlibutan ang teknolohiya upang tuksuhin ang anak ng Diyos na magkasala. Na kay Satanas ang lahat ng pamamahala sa teknolohiya, at ang kanyang layunin ay magamit ito laban sa bayan ng Diyos at laban sa iglesia ni Cristo. Ginagamit niya ang anumang teknolohiya na magagamit niya upang mahulog tayo at ang ating mga anak sa kasalanan at mapariwara. Tayo ay dapat maging may kamalayan sa napakapanganib na bagay na ito.

Kagaya ng nasabi ko, walang masama sa mismong teknolohiya. Kundi dati ang sanlibutan ay mas "naroon sa labas." Noon, ang bayan ng Diyos ay hiwalay mula sa kasamaan, at hindi gaanong lantad sa sanlibutan. Mas madali noon sa mga magulang na bantayan at kalingain ang kanilang mga anak mula sa dumi at basura at kasamaan ng sanlibutan. Gayunman, nagbago na ito ngayon. Binago ito ng teknolohiya. Nagagawa ngayon ng teknolohiya ang mas madaling pagpasok sa ating mga buhay at tahanan. Nagagawa ng teknolohiya na makapasok sa ating mga silid-tanggapan, sa ating mga opisina, sa ating mga kuwarto! Makakaugnay tayo sa sanlibutan kahit sa loob ng ating mga

sasakyan. Madadala natin sa ating mga bulsa ang sanlibutan. Nabubuhay tayo sa panahon na ang kasamaan ay nasa harap mismo ng ating mga mata, sa ating mga tahanan, sasakyan, at iba pa. Ito rin ay nasa pagpindot lamang ng buton, o ng isang *click* sa *computer mouse*.

Huwag tayong mabulugan at lokohin ang ating sarili sa lahat ng panganib nito. Tayo at ang ating mga anak ay nabubuhay sa masamang panahon. Humaharap tayo sa matinding panggigipit. Kaya lubhang kailangan nating seryosohin ang pagkatawag sa atin sa *antithesis* upang labanan ang kasamaang nito na papasok sa ating mga tahanan at buhay sa pamamagitan ng kaparaanan ng teknolohiya.

## Ang Panganib ng *Internet*

Ihahatid ako nito sa pagsasalita patungkol sa itinuturing kong napaka-seryosong panganib at banta sa mga buhay ng bayan ng Diyos. Ang iniisip ko ngayon ay ang *internet*. Nagbibigyan ng kakayahan ng *computer* at teknolohiya sa pakikipag-ugnayan ang *internet* upang makasama natin saanman tayo pumaroon. Posible na magamit ito ng libre sa ating mga *desktop*, o sa pamamagitan ng *wireless* kagaya ng *laptop*, at kahit pa ng *cell phone*. Malaking panganib ito, hindi dahil sa *internet*, kundi dahil sa kung paano ito gagamitin ng sanlibutan at ng diablo. Malaking panganib ito dahil sa kasamaan sa *internet,* na nagpapadali sa pagpasok ng kasamaan sa ating mga tahanan at buhay.

Kaya ito isang malaking panganib ay sa dahilang nagiging madali ang paggamit nito sa paggawa ng matitinding kasalanan. Sa pamamalagi at pagiging pribado ng iyong tahanan, magagawa mo ang magsugal, magagawa mo ang makinig ng mga makamundong awitin, makakasali ka sa mga masasamang pagbibiro, magagawa mong lapastanganin ang araw ng Sabbath. Sa pamamagitan ng paggamit ng *internet*, pagsusulat sa *email* at *blogs*, magagawa mong siraan ang iba, magpahatid ng maruruming pananalita sa mga kaibigan, at sa pagtataguyod ng pakikipag-kaibigan at

pakikisama sa mga masasamang tao. At ang masahol pa nito, sa pamamagitan ng *internet*, makakapanood ka ng malalaswang panoorin. Ang isang *link* mula sa email ang maghahatid nito sa iyo. Mga di-kanais nais na biglang lilitaw sa iyong paningin. Kung hindi, ang iyong ginagawang pagsasaliksik ang magbabantad sa iyo sa malaking kasamaan. At ang bawat nahuhulog sa landasing ito ay nagugumon at nagiging bihag sa paulit-ulit na pita ng laman, at pita ng mata. At sa paglipas ng panahon, siya ay nagiging manhid na sa kasalanan, at naghahanap pa ng mas matindi, mas marumi, bagay na mas masama pa.

Ang mga ito ang kasalanan na naghahatid sa mas malalaki pang naidudulot nito. Maaaring may permanenteng epekto ito sa isang tao na nakilahok sa kanila. At patungkol naman sa may asawa, ito ay mga kasalanan na sisira sa pag-aasawa. Pagkasira na ang makakapagsaayos lamang ay ang makapangyarihang biyaya ng Diyos.

Kaya ito naging lubhang mapanganib, hindi lang dahil sa ito ay nasa paligid lamang, kundi dahil sa katotohanang madali ang gumawa ng kasalanan at matangay ng mga ito. Magagawa mong lahat ito ng pribado. Hindi mo na kailangang lumabas pa ng tahanan upang hanapin ang mga kasalanang ito at lugar na magagawa ang mga ang ganito. Ang totoo, hindi mo na rin kailangan pa ng isang *computer*. Magagawa mo na ngayong ang mga basurang ito sa isang *cell phone*. Napakadali, at napaka-pribado. Walang makakaalam at makakakita – hindi ang magulang mo, o mga kapatid, o mga kasamahan sa iglesia, o kahit pa ng asawa mo. Gayunman, ipinagpapatuloy ito ng isang tao upang sirain ang kanyang buhay, at ang kanyang kaluluwa.

Kung bakit ito mas nagiging mapanganib ay hindi lamang dahil sa kakayahan nitong magamit, kundi dahil madaling gawin ang mga kasalanang ito at malusutan sila. Magagawa mo ang lahat ng ito ng pribado. Hindi mo na kailangan pang lumabas ng bahay para maghanap ng lugar sa ganitong mga kasalanan. Sa katunayan, hindi mo na nga kailangan pa kahit ng computer. Mapupuntahan

mo ang lahat ng basurang ito sa pamamagitan lang ng *cell phone*. Lahat ay napakadali, sobrang napakadali, at napaka-pribado. Walang makakaalam o makakakita – kahit pa ng mga magulang, o mga kapatid, o ng kapwa mo kaanib sa iglesia, o kahit pa ng asawa mo. Gayunman, patuloy na ginagawa ng isang tao lahat ng ito sa ikasisira ng buhay niya, at ng kanyang sariling kaluluwa.

Ang pinaka-dahilan kung bakit mapanganib ang karumihang ito sa *internet* para sa bayan ng Diyos, ay dahil may malakas na nag-uugnay sa pagitan natin at sa ibinibigay ng sanlibutan – ang ating laman na makasalanan. Tayo ay may likas-na-kasalanan pa rin. Dahil nga dito, tayo ay naaakit sa lahat ng kasalanan ng sanlibutan na iniaalok sa atin ng *internet*. Ito ay kasiya-siya at masarap sa ating laman. Tayo ay natutuksong tumingin o makinig ng saglit dito. At dahan-dahan ay nabibihag na nito. Nagsimula lang ito sa mabilis na pagsulyap. Napapangatuwiranan ito na "bigla kasing lumabas" sa ating *screen*. Marahan, paunti-unti, ang *antithesis* na dapat ay lumalarawan sa buhay ng mananampalataya ay nasisira. Nawala ang paglalaban at pag-aaway at paghihiwalay, sa halip ay naging pag-ibig at pakikipag-kaibigan at pakikisama sa sanlibutan. Nagmamahal na sa sanlibutan at sa mga bagay na nasa sanlibutan. Nabihag ng mga bagay na maganda sa pita ng laman at mga mata. Tunay na ang *internet* ay may kakayahang masilo at ihatid ang tao sa malaking kasalanan.

## Ang Pagkatawag Upang Lumaban

Sa kaliwanagan ng lahat ng ito, ang pagkatawag ng Cristiano sa isang salita, ay ang lumaban!

Una sa lahat, ang pakikibaka ay laban sa iyong makasalanang laman. Totoo na hindi tayo marapat maging ignorante sa sanlibutan, at sa kung gaano ito kasing-sama. Tayo ay dapat maging maingat sa mga panganib ng teknolohiya. Marapat nating labanan ang lahat ng ito. Ngunit lalong lalo na, tayo ay huwag maging ignorante sa ating mga sarili. Huwag tayong maging ignorante sa katotohanang ikaw ay nahihikayat sa inaalok ng

sanlibutan. Huwag mong itanggi na ikaw ay natutukso nito. Aminin mo na may mga kasalanan na nakakaakit sa iyo. Maging alisto ka sa bagay na ito, at lumaban!

Ang Salita ng Diyos ay nagbibigay ng mabuting pagtuturo patungkol sa laban na ito, lalo na patungkol sa mga kasamaang nakikita sa pamamagitan ng teknolohiya ngayon. May dalawang talata akong nasa isipan.

Una sa lahat, nariyan ang kapansin-pansing mga pananalita si Job – kapansin-pansin dahil sa kung paano ito maisasagawa ngayon. Sinabi ni Job (Job 31:1): "Ako'y nakipagtipan sa aking mga paningin; paano nga akong titingin sa isang birhen?" Ganyan din dapat ang ating sabihin. Makipagtipan ka sa iyong mga mata na huwag titingin sa masasamang bagay!

Ang isa pang talata ay ang Mga Awit 101:3. Magkaroon din tayo ng gayong paninindigan gaya ng ginawa ng mang aawit, "Hindi ko ilalagay sa harapan ng aking mga mata ang anumang hamak na bagay. Kinapopootan ko ang gawa ng mga tumatalikod; hindi ito kakapit sa akin."

Isa pang kinakailangang bahagi sa labanang espiritual na ito, ay gawin ito alang-alang sa ating mga anak. Ipinaglalaban ng magulang ang kanyang mga anak sa pamamagitan ng pagbubukas ng kamalayan, at hindi maging ignorante o nagbubulag-bulagan sa mga panganib na umiiral ngayon. Ipinaglalaban ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagsusubaybay at pagkontrol sa mga ginagawa ng kanilang mga anak, maging sila man ay musmos pa o mga kabataan na. Madalas nilang kinakausap ang kanilang mga anak sa mga ginagawa nito sa *online*, kung ano ang ginagawa nila sa kanilang mga *cell phone*, at kung ano ang ginagawa nila kasama ang kanilang mga kaibigan. Mula sa pagmamahal nila sa kanila, palagi nilang tinitiyak kung ang kanilang mga anak ba ay nakakalimot na sa *antithesis* at sa halip ay nagsisimula nang magtaguyod ng di-biblikal na relasyon sa sanlibutan.

Mula sa isang napaka-praktikal na pananaw, iyan ay nangangahulugang susubaybayan mo ang iyong mga anak sa paggamit nila ng *computer*. Ibig sabihin kailangang ang inyong *computer* ay nasa isang lugar na nakikita ng lahat. At ibig sabihin rin, kung ikaw ay may *wireless network* at *laptop computer*, kailangan mo ng isang espesyal na pansin sa lahat ng mga ito.

Kailangan ding gumamit ng mga magulang ng *software* para sa pagsusubaybay at pangangalaga. Ano pa man ang sabihin ng iba, may karapatan ka bilang magulang na subaybayan ang iyong mga anak. May karapatan ka na malaman ang lahat ng mga ginagawa nila, at sabihin sa kanila na anumang oras, maaari mong silipin kung ano ang ginagawa nila sa *internet* at kung anong mga *site* ang kanilang binibisita. At hindi lamang ito isang karapatan, kundi isa ring tungkulin. Dahil kayo ay mga magulang mayroon kayong pagkatawag na ingatan ang inyong mga anak mula sa karumihan ng sanlibutan, sa pagkalantad sa kasamaan, maging sa mga maninila na nasa *internet*. Kung mahal mo ang iyong mga anak, at ibig sabihin, may pagmamahal ka sa kanilang mga kaluluwa, at pagmamalasakit sa kanilang kaligtasan, maglalaan ka ng malaking pagsisikap na masubaybayan at mapangalagaan mo sila.

## Konklusyon

Hindi ko alam kung ano ang nangyayari sa inyong tahanan at buhay. Wala akong ideya kung paano ninyo ginagamit ang teknolohiyang mayroon tayo ngayon dahil sa Diyos. Wala akong alam kung ano ang inyong pinapanood, kung ano ang inyong sinasaliksik, at kung ano ang inyong nakikita. Subalit tandaan mo ito, nalalaman itong lahat ng Diyos. At isang araw, pananagutan mo ang lahat ng ito sa Kanya.

Nagtitiwala ako na gagamitin ninyo ang inyong karunungang isagawa kung ano ang nasabi sa lahat ng aspeto sa buhay na patungkol sa pag-abuso sa teknolohiya. Atin nawang naisin lahat ang paghingi ng kapatawaran kay Cristo sa mga kasalanang

nagawa sa paggamit ng teknolohiya, at sa biyayang lumaban sa mga kasalanan at panganib sa pagkakaroon ng teknolohiya.

Sa pagtupad sa inyong pagkatawag na huwag ibigin ang sanlibutan, tandaan ang positibo – ang ibigin ang Panginoon mong Diyos. Ibigin Siya na Siyang tapat mong Kaibigan. Sa halip na ibigin ang mga bagay sa sanlibutan, ibigin mo ang mga bagay na sa Diyos. Sa halip na ilaan ang inyong panahon sa mga bagay na nasa ibaba, gamitin ninyo ang inyong panahon upang hanapin ang mga bagay na nasa itaas.

Tandaan na tayo ay may insentibo. Ang insentibong ito ay ibinigay rin sa atin sa Genesis 3:15, sa mga pananalitang ito, "Ito (i.e., ang pagkapoot sa pagitan ng dalawang binhi) ang dudurog ng iyong (ni Satanas) ulo, at ikaw ang dudurog ng Kanyang sakong." Sinasabi rito ng Diyos ang pagtatagumpay, tagumpay ni Cristo at ng krus ni Cristo. Sa krus, nalupig ni Cristo at dinurog ang diablo at lahat niyang kampon. At ang tagumpay ni Cristo ay tagumpay natin. Dahil sa Kanya, hindi tayo malulupig. Dahil sa Kanya, hindi tayo magagapi, kahit gaano pa kabagsik ang ating kaaway. "Tayo'y higit pa sa mga nagtatagumpay sa pamamagitan niya na sa atin ay umibig" (Mga Taga Roma 8:37). Ipagkaloob nawa ito ng Diyos sa ating lahat.

**ANG *ANTITHESIS*:**
**BANAL NA PAMUMUHAY SA MASAMANG PANAHON**

**Speech # 2**

# "Mamuhay na Antitetikal sa Panahon ng Pag-iimbot"

**ni Rev. Garry Eriks**

**Panimula:**

Ang *antithesis* ay isang pangunahing aspeto sa pananaw o *worldview* ng Cristianong *Reformed.* Subalit kahit pa ang katagang "*worldview*" ay ginamit sa nakaraan, ang konsepto nito ay hindi bago sa Cristianong *Reformed*. Ang "*worldview*" ay pagkaunawa mula sa Kasulatan sa kinalalagyan ng Cristiano at pagkatawag sa sanlibutang ito. Sa Cristianong *Reformed*, ang *worldview* ay batay sa mga doktrina ng Salita ng Diyos. Maraming mga talakayan ngayon ang patungkol sa pananaw ng isang Cristiano, at sa *Reformed worldview* at maging sa mga *conference* at sulatin. Hindi ko nilalayon na talakayin ang *worldview* sa gayon. Subalit tatawagin ko ang inyong pansin, na kapag ating tinatalakay ang *antithesis*, ating isinasaalang-alang ang isang mahalagang aspeto sa Cristianong pananaw.

Karamihan sa mga nasabi patungkol sa *worldview* ngayon ay sadyang inalis ang *antithesis*. Sa halip, karamihan sa inyong maririnig at mababasa na *worldview* sa iglesia ngayon ay nagsasabi patungkol sa nakaugnay sa kultura at pagbabago sa sanlibutan at sa kultura na dito, tayo ay nabubuhay. Ito ang pananaw ng *common grace*.

Ang *antithesis* ay isang mahalagang elemento ng *Reformed worldview*, dahil ito ay katotohanan na itinuturo sa buong Kasulatan. Ang *antithesis* ay ang espiritual na paghihiwalay na ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng pagliligtas sa Kanyang bayan, mga anak ng kaliwanagan, mula sa madilim na sanlibutan.

Inihihiwalay ng Diyos ang Kanyang bayan mula sa sanlibutan sa pamamagitan ng pagliligtas sa kanila. Hinirang Niya ang Kanyang bayan bago pa itinatag ang sanlibutan, tinubos sila mula sa kanilang mga kasalanan sa dugo ni Jesu Cristo, binuhay sila sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu Santo, at tinawag sila mula sa madilim na sanlibutan tungo sa Kanyang kagila-gilalas na liwanag. Tinawag ng Diyos ang Kanyang inihiwalay, tinubos na mga tao upang mamuhay na antitetikal sa lupa. Ang buhay na antitetikal ay hindi buhay na paghiwalay sa pisikal, kundi buhay na hiwalay sa espiritu.

Ipinaglalaban ko na ang pagsasaalang-alang sa pag-iimbot at sa kabaligtaran nito, na kasiyahan, ay tumatahan sa pinaka-puso ng *antithesis*. Totoo ito, dahil una, ang pagsasaalang-alang ng pag-iimbot at kasiyahan ay maghahatid sa atin sa pagharap sa katanungang: sino o ano ang iyong Diyos? At kaalinsabay nito, nasaan ang iyong puso? Sa ano nakatuon ang iyong buhay? O kanino nakatuon ang iyong buhay? Sila na mapag-imbot ay hindi nakatuon sa Diyos, kundi sila ay nakatuon sa mga bagay na nasa lupa. Subalit sila na marunong masiyahan ay nakatuon sa Diyos. Batid nila, na ang nag-iisa at totoo at buhay na Diyos ay ang kanilang Diyos, na Siyang kanilang iniibig at pinaglilingkuran.

Kapag ang buhay ng isang tao ay nagpapakita na ang kanyang diyos ay salapi, gagawin ng taong ito ang lahat makamit lamang ang yaman. Sa pagsusulong niya nito, ito ang susupil sa kanyang buhay. Subalit kapag ang buhay ng tao ay nagpapakita na si Jehovah ang kanyang Diyos, ang pagtataguyod at layunin ng gayong tao ay isang buhay na lumuluwalhati sa Diyos ng kanyang kaligtasan.

Ikalawa, ang paliwanag ng Katekismong *Heidelberg* sa Ika-sampung Utos ng Diyos na, "Huwag kang mag-iimbot…", ay nagpapakita na ang pag-iimbot at kasiyahan ay ang sentro ng antitetikal na pamumuhay. Ipinapaliwanag sa Sagot 113 ng Katekismong *Heidelberg* ang hinihingi ng ika-sampung utos ng ganito: "Na kahit ang pinakamaliit na pagkahilig o pag-iisip na

taliwas sa anumang ipinag-uutos ng Diyos ay hindi marapat sumibol sa ating mga puso; sa halip, sa lahat ng oras ay buong-puso nating kamumuhian ang lahat ng kasalanan, at magagalak tayo sa lahat ng katuwiran."

Ikatlo, ang pag-iimbot at kasiyahan ay ang sentro ng *antithesis* dahil ang mga ito ang dalawang katugunan sa katotohanan ng pagka-soberano ng Diyos. Ipinapahayag ng Cristianong *Reformed* ang katotohanan ng pagka-soberano ng Diyos. Samakatuwid, ang Diyos ay naghahari sa lahat. Siya ang namamahala sa lahat ng mga bagay. Ang Diyos lamang ang Siyang soberanong nagliligtas. Sa Kanyang pagka-soberano, pinili Niya ang Kanyang bayan. Sa Kanyang pagka-soberano, tinubos Niya sila. Sa Kanyang pagka-soberano, kumikilos Siya sa kanila ng pagpapala ng kaligtasan sa pamamagitan ng Espiritu ni Cristo. Ang pag-iimbot at kasiyahan ay dalawang magkataliwas na tugon sa katotohanan sa pagka-soberano ng Diyos. Ang pag-iimbot ay ang kawalan ng pananampalataya, isang pagsuway na tugon sa pagka-soberano ng Diyos. Sinasabi nila na mga mapag-imbot, sa kanilang kaimbutan, na hindi sila nasisiyahan sa ibinigay sa kanila ng Diyos. Nais nila ang marami pang mga bagay. O nagnanais sila ng iba pang pangyayari sa kanilang mga buhay. Subalit ang kasiyahan ay ang tugon ng sumasampalataya, tugon ng pagsunod sa pagka-soberano ng Diyos. Ito ay pagsasabi na, "Mangyari ang nais Mo, O Panginoon. Huwag ang pamamaraan ko. Mangyari ang nais Mo."

Habang ating pinapaunlad ang pamumuhay na antitetikal sa panahon ng pag-iimbot, kailangang tingnan natin ang magkakasalungat na ito: pag-iimbot at kasiyahan.

Ang pamumuhay na hiwalay sa espiritu mula sa sanlibutan sa panahong ito ng pag-iimbot kung saan tayo nabubuhay, ay lubhang mahalaga. Mahalagang mahalaga ito, una sa lahat, dahil sa sinasabi ng Kasulatan sa Efeso 5:5. Doon ay mababasa natin, "Sapagkat inyong nalalaman na ang bawat mapakiapid, o mahalay, o sakim, na sumasamba sa mga diyus-diyusan, ay

walang mamanahin sa kaharian ni Cristo at ng Diyos." Sila na patuloy na namumuhay sa pag-iimbot ay walang puwang sa kaharian ng Diyos. Kaya, kailangan tayong maging maingat sa halaga ng ating isinasaalang-alang na pag-iimbot. Ito ay usapin ng buhay at kamatayan.

Ikalawa, ito ay mahalaga dahil sinasabi sa atin ng Kasulatan sa 2 Timoteo 3:2 na sa mapanganib at huling mga araw kung saan ang iglesia ay nabubuhay ang sanlibutan ay inilalarawan sa pagiging sakim. Ang mga tao sa sanlibutan ay mapag-imbot. At kaya naman, mahalaga ngayon na ang iglesia ay mamuhay ng isang buhay-espiritual na hiwalay sa sanlibutan. Huwag tayong maging mapag-imbot, kundi matutong masiyahan.

Sa kahuli-hulihan, mahalagang ating isaalang-alang ang paksang ito dahil ang pagiging sakim ay isa sa mga matitinding pinaglalabanan ng buhay Cristiano, habang tayo ay nabubuhay sa panahon ng pag-iimbot. Ang kasiyahan ay bagay na hindi likas sa atin. Ang natural na lumalabas sa ating likas na pagka-makasalanan ay ang pagrereklamo at pag-iimbot. Ang lumalabas sa ating kalikasan ay ang paghahanap ng kasiyahan at kagalakan at katuparan sa masaganang mga bagay. Tinatawagan ng Diyos ang Kanyang bayan na mamuhay ayon sa *antithesis* sa pamamagitan ng pagwawaksi sa pag-iimbot at paglakad na may kasiyahan.

## Ang Kasalanan ng Pag-iimbot

Ang pag-iimbot ay kasalanan ng pagnanais sa bagay na hindi nais ng Diyos na ibigay. Ito ay pagtutol sa Diyos patungkol sa kung ano ang Kanyang nais para sa atin. Sila na mga mapag-imbot ay nag-iisip na may kahangalan, na mas magiging masaya ang kanilang buhay at mas magiging makabuluhan kung iba ang mangyayari sa kanilang buhay. Inaakala nila na mas alam nila ang maganda kaysa sa Diyos, ang kailangan nila upang magkaroon ng magandang buhay sa mundong ito.

Inilalantad ng Kasulatan ang pangit na kasalanan ng pag-iimbot: sa ilalim nito, ang pag-iimbot ay pagsamba sa diyus-diyusan. Iniuugnay ito ng Efeso 5:5 nang sabihin nito na ang "taong sakim... ay sumasamba sa diyus-diyusan." Ang pag-iimbot ay kasalanan ng paglalaan ng puso sa isang bagay maliban sa Diyos. Ito ang pangit na kasalanan ng pag-aakalang may bagay na mas malaki at mas dakila kaysa sa Diyos. Ang pag-iimbot na ito ang sumusupil sa taong iyon. Ito ay ang iniisip niya, ninanais ng higit pa sa anuman, at nilalayon sa buhay. Ang pag-iimbot ay kasalanan ng pagkakaroon ng bagay maliban sa Diyos na siyang puso at sentro ng kanyang buhay.

Maraming mga bagay sa mundong ito na pinaglalaanan ng puso ng tao upang maging kanyang diyus-diyusan. Iniisip ng mga tao na kung meron lamang silang pinangarap na trabaho, makakatuklas sila ng malaking kasiyahan at katuparan sa buhay. Kung mapapangasawa niya lamang ang ganitong babae, siya ay magiging masaya na. Hindi na mahalaga kung siya ba ay may asawa o pamilya na. Sasabihin niya, "Hindi ko na siya mahal. Pero mas mahal ko ang ibang babaeng ito at siya ang nagpapaligaya sa akin, kaya dapat ko siyang makasama." Nabasa ko sa *internet* ang isang kuwento na pinapaniwalaan ngayon ng mga *psychologist*, na ang paglalaro ng mga *video game* ay nagbibigay ng katuparan sa isang "pangangailangan." Hindi lang dahil hindi masama ang maglaro ng *video game*, kundi, ito ay isang pangangailangan. Ang maglaro ng gayong mga *game* ay nagbibigay ng katuparan sa isang pangangailangan upang mahanap ng isang tao ang kanyang kasiyahan at kagalakan sa buhay. Kapag sinimulan nating tingnan ang ating paligid makikita natin na ang bagay na hindi realidad (*virtual*) sa lupa ay puwedeng maging isang diyos at kasangkapan sa pag-iimbot.

Ayon sa Kasulatan, ang salapi ang madalas na nagiging diyus-diyusan ng mapag-imbot. Sinasabi ng 1 Timoteo 6:10, "Ang pag-ibig sa salapi." Ang kasalanang kinilala sa talata ay ang pag-iimbot. Ang kasangkapang kinilala ay ang salapi. Isa sa mga salita sa pagsasalin ng pag-iimbot sa Bagong Tipan, ay may literal na

kahulugang "pagmamahal sa salapi," o "pagmamahal sa pilak." Iyan ang kataga na iyong matatagpuan sa Mga Hebreo 13:5, "Umiwas kayo sa pag-ibig sa salapi." Kinikilala ng Kasulatan na ang salapi, ay bagay na nagiging diyus-diyusan ng tao.

Hindi itinuturo ng 1 Timoteo 6:10 na ang salapi, mga pag-aari, o ang yaman, ay mali. Ang lunas sa pagmamahal sa salapi ay hindi ang pag-aalis sa lahat ng meron ka. Maibebenta mo ang lahat ng meron ka at ubusin ang laman ng iyong bangko, subalit mananatili ka pa ring mapag-imbot. Ang pag-iimbot ay isang kasalanang nagmumula sa puso. Ang pag-iimbot ay kadalasang nahahayag na pagnanais para sa salapi o mga ari-arian na ang Diyos ay hindi nasisiyahang ipagkaloob sa iyo. Ito ay tunay na pagtanggi sa pagka-soberano ng Diyos at sa Kanyang pagiging May-ari sa lahat ng mga bagay. Ang sagot ay ang pagbabago ng puso!

Ang taong mapag-imbot ay may kahangalang naglalagay ng napakataas na pagpapahalaga sa mga bagay sa buhay na ito. Ganito ang kalakaran ngayon sa sanlibutan. Ang pag-iisip ngayon, ang salapi ang makapagbibigay ng kasiyahan. Marami ngayon ang tututol sa pagsasabing, "Hindi, napagtanto namin na hindi mo mabibili ang kasiyahan." Sinasabi nila ito ng kanilang mga bibig, subalit iba ang sinasabi ng kanilang pagkilos. Ang kaisipan ngayon ng tao sa sanlibutan, kung ikaw ay may maraming mga bagay sa mundong ito, makakatagpo ka ng kasiyahan at katuparan sa buhay. Kapag ikaw ay may bagong mamahaling sasakyan na mapapansin at pag-uusapan ng iba, iyon ay makapaghahatid sa iyo ng kasiyahan. Kung ikaw ay may malaki at bagong bahay, iyon ang maghahatid sa iyo sa kasiyahan at kagalakan sa buhay. Kung ikaw ay may malaking pondo sa banko at maluhong *401K plans*, iyon ang maghahatid ng kagalakan. Kaya iyan ang nilalayon ng mga tao ngayon sa lupa.

Ito ang pag-iimbot, na siyang makikita natin ngayon sa sanlibutan. Subalit ang tanong sa pagsasaalang-alang natin ng pamumuhay ayon sa *antithesis* sa panahong ito ng pag-iimbot ay, "ano ba ang pagkatawag sa Salita ng Diyos na dapat gawin ng isang anak ng

Diyos? Ano ang ipinapagawa sa atin ng Salita ng Diyos, bilang isang Cristianong *Reformed*?" Hinihingi sa buhay-antetikal ng Cristianong *Reformed* na alisin natin sa ating mga buhay ang lahat ng kasakiman. Iyan ang lumalabas sa Mga Taga Hebreo 13:5, "Umiwas kayo sa pag-ibig sa salapi at kayo'y masiyahan na sa kung anong mayroon kayo..." Sa bawat sandali ng ating buhay, ating sipain ang kasakiman. Kahit katiting na pag-iimbot ay hindi dapat manatili sa ating buhay. Alisin natin sa ating pag-aasawa, sa ating mga tahanan, sa iglesia, at bawat bahagi ng ating mga buhay ang lahat ng kasakiman. Ang pag-iimbot ay hindi lang matatagpuan ngayon sa sanlibutan, kundi ito ay mapait na nilalabanan ng anak ng Diyos na nagnanais mabuhay ayon sa *antithesis* sa sanlibutang ito.

Ganito rin ang sinabi ni Jesus na babala laban sa kasalanan ng pag-iimbot sa Lucas 12:15, nang ipag-utos Niya, "Mag-ingat kayo at magbantay laban sa lahat ng kasakiman: sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa kasaganaan ng kanyang mga ari-arian." Ito ay hindi lamang bagay na sinabi ni Jesus dito. Itinuturo Niya ito dahil sa panahong iyon ay may kasalanan ng kasakiman sa Israel. Ang kasalanang ito ay matatagpuan sa mga lider ng mga Hudyo na nagbebenta ng mga hayop sa templo sa panahon ng Paskuwa. Hindi lang dahil ito ay kumbinyente para sa mga manlalakbay na mga Hudyo mula sa buong mundo upang hindi na nila kailangan pang magdala ng sarili nilang hayop upang ihandog, kundi dahil kumikita ng malaking halaga ang mga Hudyo mula sa pagpapalit ng pera at sa pagbebenta ng mga hayop. Sigurado, may kaisipan ang mga tao sa panahong iyon na nasa kayamaman ang kagalakan at kasiyahan.

Sinabi ni Jesus ang kasakiman nang Kanyang patungkulan ang mayamang binata, na sinabihan Niyang humayo at ipagbili ang lahat na mayroon siya. Itinuro ni Jesus ang kanyang mga daliri sa malaking kasalanan ng binata: inibig niya ang kanyang salapi at pag-aari ng higit sa Diyos. Mayroon ba sa ating mga buhay na iniibig natin nang higit sa Diyos?

Iyan din ang nilalabanan natin. Madaling nangyayari sa atin ang pumasok sa trabaho para sa sahod, upang mabili natin ang mga bagay na nais natin. Ngayon, walang masama sa gayong bagay. Subalit ang ating puso ay maaaring matuon na lamang sa salapi at sa pag-aari na nagiging pinakamataas na layunin at pagnanais sa buhay, sa halip na gumawa at maglingkod sa Diyos at gawin ang lahat ng mga bagay sa kaluwalhatian ng Kanyang pangalan. Sa gayon ay magpapasimula nating isipin na isang kabigatan ang magbayad ng *tuition* para sa Cristianong paaralan, kasama na ang *budget* para sa iglesia, at pagkatapos ay maglagay ng kaunti sa buslo para sa iba pang pangangailangan. O iniisip natin ang lahat ng mga bagay na mabibili natin sa salaping iyon.

Nabubuhay tayo sa masaganang lipunan. Subalit, para sa nagpapasimulang pamilya, mabigat ang pagbabayad ng mga bayarin. Lumalaki ang mga bayarin kaya magpapasimula tayong mag-isip, "Kung may kaunti pa sana, matatapos din ang lahat ng problema natin. Mas magiging madali na. Iyan ang totoong kailangan natin."

Tayo ay dapat magkaroon ng matalas na pakiramdam sa kasalanang ito dahil madali nating mapipilipit ang sinasabi sa Salita ng Diyos. Madali nating mapapaniwala ang ating mga sarili na mabuti para sa atin na isulong ang pagyaman dahil nais nating mas maraming maibigay pa sa iglesia at sa mga paaralan. Ang pagbibigay na may kasiyahan para sa kaharian ay mabuti. Subalit huwag nating gagamitin ang mabuting layuning ito upang takpan ang makalaman nating kasalanan, sa pag-aakalang puwedeng pagsabayin ang dalawang ito. Ang katotohanan ng *antithesis* ay hindi nagpapahintulot sa pagkakaroon ng dalawang-mukha. Tinawag tayo na lumayo sa kasalanan at sumunod sa Diyos! May isa pang popular ngayon na kamalian na nararapat banggitin kaugnay nito. Tinutulungan pa ng mga iglesia ngayon ang pagiging sakim ng tao at ginagamit ito para sa kanilang kapakanan. Ganito ang ginagawa ng *health and wealth gospel* o ebanghelyo ng mabuting kalusugan at kasaganaan. Maraming mga mangangaral ngayon ang nangangako ng di-masukat na

kayamanan mula sa kamay ng Diyos kapag sila ay nagbigay para sa kanilang ministeryo. Hinihimok nila ang mga tao na sumulat sa kanilang mga tseke ng malaking halaga kaysa mayroon sila, nagtitiwalang ang Diyos ang magkakaloob sa kanila ng salapi at higit pa rito. Ang Salita ng Diyos sa 2 Corinto 9:6 ay nagsasabi nga, "Ang naghahasik nang bahagya ay mag-aani rin ng bahagya, at ang naghahasik ng sagana ay mag-aani rin nang sagana." Hindi ibig sabihin ng talata na pagpapalain ng Diyos ang maraming magbigay ng yaman. Maliwanag ang Salita ng Diyos na Kanyang pangangalagaan ang sinumang hinahanap muna ang Kanyang kaharian. Subalit saanman ay walang pangako ang Diyos na pagyaman. Ang ginagawa ngayon ng tao ay ginagamit ang kasakiman at pag-iimbot bilang motibo sa pagbibigay. "Magbigay ka, at ikaw ay payayamanin," sabi nila. Hindi ito maaaring maging tama dahil ang hinihingi ng Diyos ay alisin ang lahat ng kasakiman.

## Ang Biyaya ng Kasiyahan

Nang tinawag tayo ng Salita ng Dios na alisin ang lahat ng kasakiman, positibong bagay ang hinihingi nito, "Masiyahan ka na." Kung ang buhay antitekial ay nagsasabi ng "hindi" sa kasalanan at "Oo" sa Diyos, marapat tayong magsabi ng "hindi" sa pag-iimbot at "oo" sa kasiyahan.

Ano ba ang kasiyahan? Ang salitang kontento o kasiyahan ay may literal na kahulugang, "masiyahan na," o "maging sapat na." Ang masiyahan ay ang malaman na hindi tayo nagkukulang. Ito ay pagsasabi na, "nasa akin na ang lahat kong kailangan." Ito ay pagpapahayag kasama ni David, "Ang Panginoon ang aking Pastol, hindi ako magkukulang."

Walang kinalaman ang kasiyahan sa kung gaano karami o gaano kakaunti ang mga bagay na meron ka sa lupa. Sinasabi ni Pablo sa Mga Taga Filipos 4:11, 12, "Hindi sa nagsasalita ako dala ng pangangailangan, sapagkat aking natutuhan ang masiyahan sa anumang kalagayang aking kinaroroonan. Marunong akong magpakababa, at marunong din akong magpakasagana; sa bawat

bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim sa kabusugan, at maging sa kagutuman, at maging sa kasaganaan at maging sa kasalatan." Magagawa at maipapahayag ng anak ng Diyos ang kasiyahan, anuman ang kalagayan niya sa buhay.

Kung ang isang tao ay walang anumang pag-aari maaari pa rin siyang masiyahan. Kung ang isang tao ay naninirahan lamang sa isang *apartment*, may kaunting gamit sa bahay, at nabubuhay lamang sa bawat buwan, o kahit sa araw-araw pa, masisiyahan pa rin siya. Masasabi pa rin niya, "Kontento na ako. Nasa akin na ang lahat kong kailangan. Mayroon akong sapat." Totoo ito dahil ang kasiyahan ay hindi ayon sa kung gaano karami ang mga bagay-bagay sa lupa na meron ka. Ang kasiyahan ay espiritual na kaloob ng biyaya ng Diyos, kung saan nauunawaan natin na kay Jesu Cristo nasa atin na ang lahat nating pangangailangan. Ito ang dahilan kung bakit hindi ako magkukulang. Ang biyaya ng Dios ay sapat sa akin. Iyon ay sapat na. Sa Kanyang biyaya at sa Kanyang gawa sa pamamagitan ni Jesu Cristo, mayroon ako ng lahat kong kailangan.

Ang Salita ng Diyos ay dumarating sa mga anak ng Diyos at nagsasabi, "Masiyahan ka na sa anumang mayroon ka." Minsan kapag tinatanong tayo ng iba kung kumusta na tayo, iniisip natin (hindi natin sinasabi), "Hindi maayos ang mga bagay-bagay sa akin ngayon. Wala akong gaanong salapi. Hindi kalakihan ang bahay ko. Makukulit ang mga anak ko. Napag-iiwanan na ako sa trabaho. Bigat na bigat na ako sa mga bagay na ito. Ang kailangan ko, mawala ang mga alalahanin kong ito." Inaakala natin, "Kung meron lang sana ako nito, o meron lang sana ako noon, o kung iba lang sana ang nangyari sa buhay ko, mas magiging masaya ako."

Kay Jesu Cristo tayo ay mayroon ng lahat nating kailangan. Tayo ay may kasiyahan dahil ang Tinapay ng Buhay ang bumubusog sa ating mga kasalanan. Ang Salita ng Diyos ang nagpapaalala sa atin na masiyahan sa gawa ni Cristo, ang karunungan ng Diyos, at ang yaman ng kaligtasan kay Jesu Cristo. Masiyahan ka sa

soberanong paghahari ng Diyos sa iyong buhay. Ganito ang sinabi ng Diyos kay Pablo nang manalangin siya na alisin ang tinik sa laman (2 Corinto 12:9). Makaikatlong ulit hiningi ni Pablo na alisin ang tinik na iyon sa laman. Ano ang naging sagot ng Diyos? "Sapat na ang Aking biyaya sa iyo. Hindi mo kailangang alisin ang tinik na iyan. Ang aking biyaya ang kailangan mo." Ang biyayang ito ang ating kailangan.

**Ang Mga Dahilan**

Sa ating pagtingin sa pagkatawag na ito na mamuhay ayon sa *antithesis* sa panahon ng pag-iimbot, maunawaan dapat natin kung bakit hindi tayo dapat maging mapag-imbot, at bakit dapat tayong matutong masiyahan na. Hindi lamang tayo tinatawag ng Kasulatan na iwaksi ang kasakiman at masiyahan na. Itinuturo sa atin ng Diyos kung bakit natin ito dapat gawin.

Bakit natin kailangang iwaksi ang pag-iimbot? Una, ang pag-iimbot sa yaman ay walang kabuluhan. Marami ngayon ang nag-aakala sa kanilang imahinasyon, na ang kaligayahan, mabuting pagtingin sa sarili, at katagumpayan ay matatagpuan sa pag-aari niya, mga *bank account*, bahay, at kasuotan. Sinusubukan nilang hanapin ang kaligayahan sa mga bagay-bagay: sa pagbili at pagtatago para sa kanilang sarili ng mga bagay dito sa lupa. Kaya nga dumarami ang sugalan ngayon. Naglalaro ang mga tao ng *lotto*, naglalaro ng *slot machines*, at naglalakbay patungo sa *Mecca* ng sugalan, ang *Las Vegas* upang yumaman agad at malutas ang lahat nilang mga problema. Ang iba naman ay sinasagad ang *credit card* ng libu-libong dolyar, sa pag-aakala na ang pagbili ng mga bagay-bagay na nais ng kanilang puso, kahit wala naman silang pagkukunan nito, ang lulutas sa kanilang mga problema at magbibigay sa kanila ng kaligayahan.

Inilalantad ng Salita ng Diyos ang gayong pag-iisip sa kung ano nga ito: walang kabuluhan. Sinasabi ng 1 Timoteo 6:7, "Sapagkat wala tayong dinalang anuman sa sanlibutan, at wala rin tayong mailalabas na anuman." Ganito rin ang naging punto ni Jesus sa

Lucas 12 sa talinghaga ng taong mayaman, na giniba ang kanyang kamalig upang magtayo ng mas malaki pa, upang mapuno niya ang kamalig ng kanyang mga ani na nalikom.

Inakala ng lalaking ito na kailangan niyang magpahinga, magpakaligaya, at magpasarap sa mabubuting mga bagay sa lupa. Subalit binawi ang buhay ng lalaki. Ano ang pakinabang ngayon ng gayong mga bagay na meron siya?

Kagaya ng kamatayan malalantad ang kawalang kabuluhan ng mga bagay-bagay sa lupa, dahil iiwan natin ang lahat ng ito. Hindi natin madadala anuman sa mga bagay na ito. Gayunman, hindi ba't kapansin-pansin na nag aaway-away ang magkakapamilya kapag namatay na ang tao upang paghatian ang kanyang naiwang kayamanan? Ang kamatayan ay nagpapaalaala na ang mga bagay na ito ay hindi makapagbibigay ng walang hanggang kaligayahan. Lahat ng ito ay walang kabuluhan. Isang araw, malulusaw ang mga ito sa nagbabagang init. Bakit kailangang ituon ang ating puso sa mga bagay na kinakain ng kalawang at nabubulok?

Ang pag-iimbot sa huli ang maghahatid sa kawalang kaibahan ng hayop sa tao na ang iniisip lamang ay ang susunod niyang hapunan, at ang susunod niyang nais makamit. Kaya ang tao nga ay nagiging gayon dahil sa kasakiman.

Ikalawa, hindi tayo dapat lumakad sa pag-iimbot dahil ito ang maghahatid sa lahat ng uri ng kasalanan. Ganito ang punto ng 1 Timoteo 6:10, "Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na ang ilang nagnasa rito ay napalayo sa pananampalataya at tinusok ang kanilang mga sarili ng maraming kalungkutan." Ang kaisipan ay hindi lahat ng kasamaan na matatagpuan mo sa lupa ay mababakas sa pag-ibig sa salapi. Ang kaisipan ay ang pag-ibig sa salapi ang naghahatid sa lahat ng uri ng iba't ibang kasalanan. Halimbawa, kung nagmamahal sa salapi ang isang tao, gagawin niya ang anumang magagawa niya upang makamit ang salaping iyun. Gagawin niya pati ang magnakaw

mula sa kanyang amo o sa mga kliyente sa kanyang trabaho. Ang pag-iimbot ang maghahatid sa lahat ng uri ng kasalanan.

Sa pag-iimbot, hindi tayo makakatagpo ng kaligayahan. Sinasabi ng 1 Timoteo 6:10, "at tinusok ang kanilang mga sarili ng maraming kalungkutan." Walang kaligayahang matatagpuan sa pag-ibig sa salapi. Sa halip ay kalungkutan pa nga, kirot, at pagdurusa. Totoo ito dahil silang nabubuhay sa kasakiman nang hindi tumatalikod mula sa kasalanang ito ay haharap sa Makapangyarihang Diyos, ang Hukom ng lahat. Sinabi ni Jesus, "Ano ang mapapakinabangan ng tao, kung makamtan niya ang buong sanlibutan ngunit mawawala naman ang kanyang buhay?" Ang pag-ibig sa salapi ay isang espiritual na pagkalugi.

Atin din isaalang-alang ang mga Biblikal na dahilan sa paglakad na may kasiyahan. Tayo ay dapat matutong masiyahan sa buhay, dahil bilang Cristianong *Reformed*, naniniwala tayo sa Salita ng Diyos. Sinasampalatayanan ng Cristianong *Reformed* ang lahat ng matatagpuan sa Salita ng Diyos mula Genesis 1:1 hanggang sa Apocalipsis 22 dahil ang lahat ng ito ay kinasihang Salita ng Diyos. Ito ay lubos na walang kamalian.

Ang Salita ng Diyos ay puno ng mga pangako ng Diyos sa Kanyang bayan. Sa Salita ng Diyos nahayag sa Kanyang bayan kug ano ang Kanyang ginawa para sa kanila. Ang salita ng tao ay hindi makapagbibigay ng kasiyahan. May mga *bookstore* at silid-aklatan na puno ng mga aklat kung paano mo mahahanap ang kasiyahan. Subalit lahat ng ito ay walang kabuluhan at pawang mali, maliban kung nakaturo ito sa Salita ng Diyos. Dapat tayong makinig sa kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ang basehan para sa kasiyahan. Sumasampalataya tayo sa kung ano ang Kanyang sinasabi patungkol sa kasapatan at sa Kanya matatagpuan ang lahat nating kailangan.

Nagtuturo sa atin ang Salita ng Diyos na may dalawang katotohahan na basehan ng kasiyahan. Una, tinugon ng Diyos ang pinakamalaki nating pangangailangan kay Jesu Cristo. Ano

ang pinakamalaking pangangailangan natin? Ang pinakamalaki nating pangangailangan ay paglaya mula sa kaparusahan at kapangyarihan ng kasalanan. Kailangan nating malaman na sa mga mata ng Dios tayo ay mas maputi pa sa niyebe. Kailangan nating malaman na kay Jesu Cristo tayo ay may kapatawaran sa ating mga kasalanan. Ibinigay ng Diyos ang ating pinakamalaking pangangailangan, sa pamamagitan na pagpapadala ng Kanyang minamahal na Anak upang mamatay sa krus para sa ating mga kasalanan. Ibinigay Niya ang pinakamalaki nating panga-ngailangan sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Kanyang Espiritu sa iglesia at gumagawa sa Kanyang bayan ng pagpapala ng kaligtasan na tinamo para sa atin ni Jesu Cristo. Ibinigay sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng natapos na gawain ni Jesu Cristo. Hindi natin matatagpuan ang kagalakan at kaligayahan sa pagkaunawang iyan sa anumang bagay na nasa lupa.

Ikalawa, sinasabi sa atin sa Salita ng Diyos na hindi tayo iiwan o pababayaan man ng soberanong Diyos ng ating kaligtasan. Ang Diyos ay soberano at patuloy na nangangalaga sa atin. Hindi Niya tayo iiwan, kundi patuloy na palaging kasama natin. Sinusupil Niya ang lahat ng mga bagay at ginagawa Niya ang mga ito para sa ating kabutihan. Hindi Niya tayo iniiwan sa panahon ng ating pangangailangan, kundi sa halip, ibinibigay Niya ang Kanyang biyaya at kalakasan upang mapasan natin ang kinakaharap nating mga kabigatan. Ang biyaya Niya ay sapat sa atin. Ang Kanyang pangako sa atin ay ito, "Ako ay kasama mo."

Dahil kasama natin ang Diyos, wala tayong dapat ikatakot o dapat ipag-alala. Anong bagay ba ang iyong pinangangambahan? Nangangamba ka ba na mapagkasya ang iyong kinikita? Natatakot ka ba patungkol sa pagpapalaki mo sa iyong mga anak na nasa tipan, o sa mga apo na nasa tipan? Anong mga takot ang itinatago mo sa iyong puso? Nalalaman ng anak ng Diyos na may kasiyahan at kumakapit sa mga pangako ng Diyos na wala siyang dapat ikatakot. Ipinapahayag nga ng anak ng Diyos kasama ni David ang Mga Awit 27:1, "Ang Panginoon ay aking

liwanag at kaligtasan; sino ang aking katatakutan? Ang Panginoon ay muog ng aking buhay; sino ang aking kasisindakan?" Walang dapat katakutan. Walang dapat kasindakan dahil ang Diyos ay ating Diyos. Siya ang Nag-iisang may gawa sa lahat ng kinakailangan para sa ating kaligtasan. Hindi ang Diyos at ang tao ang magkasamang gumagawa nito. Walang ginagawa ang tao na anuman upang maisagawa ang kaligtasan sa kanyang sarili. Ang Diyos ang gumawa sa lahat ng ito. At sa kamalayang ito, nalalaman natin na Siya ay patuloy na kasama natin at nangangalaga sa atin.

Iyan ay napakahalaga sa buhay. Iyan ay napakahalaga kapag humarap tayo sa kamatayan. Iyan ay napakahalaga para sa mga bagong ama at ina na nabibigatan sa responsibilidad ng paghuhubog sa kanilang mga anak sa pagkatakot sa Panginoon. Nadarama natin ang kabigatan ng iba pang pananagutang inilagay sa atin ng Diyos dito sa sanlibutan. Kung minsan, tila sobra na at handa na tayong sumuko. Ang mga takot na meron tayo sa buhay na ito ay totoong takot, kahit pa sa kanila na nauunawaan ang pagka-soberano ng Diyos. Subalit sinasabi ng Salita ng Diyos na walang dahilan upang mangamba patungkol sa anumang bagay dahil ibinibigay ng Diyos sa atin ng lahat nating pangangailangan.

## Ang Resulta

Kapag namuhay tayo ayon sa *antithesis* sa panahong mapag-imbot, mararanasan natin ang kagalakan at kapayapaan. Ito ang bunga ng kasiyahan. Ang kasakiman ay hindi magbubunga ng gayong resulta. Ito ay magbubunga lang ng mas higit pang pag-iimbot, kasalanan, at kawalang-kaligayahan. Ang yaman ay hindi makapagbibigay ng kasiyahan. Ang katotohanan, kahit gaano pa karami meron tayo sa ibabaw ng lupa, nariyan pa rin ang katakawan natin sa mga bagay na iyon. Ang pinakamayayamang tao sa lupa, na mayroong higit ng mga bagay kaysa sa iba ay kulang pa rin. Ganyan ang pamamaraan ng pag-iimbot. Hindi ito palaging sapat. Subalit ang makilala ang biyaya ng Diyos masasabi natin, "Sapat na. Mayroon na ako ng lahat kong

pangangailangan.” Ang daan ng kasiyahan ay ang daan ng kapayapaan at kagalakan.

Ang kapayapaan at kagalakang ito ay malinaw sa pagpapahayag ng kasiyahang matatagpuan sa Mga Awit 23:1, “Ang Panginoon ang aking pastol; Hindi ako magkukulang.” Dahil ang Panginoon ang ating Pastol mahihiga tayo sa luntiang pastulan. Ang mga tupa ay hindi madaling humiga at magpahinga. Ang isang tupa ay nahihiga lamang kapag lahat ng kanyang kailangan ay nariyan na at walang kinatatakutan. Ganyan din sa atin. Nasa atin ang lahat nating kailangan at wala tayong kinatatakutan dahil si Jehovah ang ating tapat na Pastol.

Sa ating pamumuhay ayon sa *antithesis* dito sa ibabaw ng lupa, huwag tayong lumakad sa daan ng kasakiman. Sa halip, mapaalalahanan tayo na bahagi sa pananaw ng *Reformed* ang *antithesis* na tayo ay masiyahan na sa buhay.

**ANG *ANTITHESIS*:**
**BANAL NA PAMUMUHAY SA MASAMANG PANAHON**

**Speech #3**

# "Mamuhay na Antitetikal sa Panahon ng Imoralidad"

**ni Prof. Herman H. Hanko**

## Panimula

Gaya sa ginawang paglilinaw ng mga naunang tagapagsalita, ang *Antithesis* ay gawa ng Diyos, na soberanong naisakatuparan sa paraan ng pag-abot ng Diyos sa makasalanan at madilim na sanlibutang ito, na wari'y nasa ilalim ng pagsupil at kapangyarihan ni Satanas, at, sa pamamagitan ng kaligtasan ng Kanyang bayan, nagdudulot ito ng liwanag upang kuminang ang katotohanan at kabanalan. Tinangka ni Satanas na supilin ang sangnilikha at ang lahi ng sangkatauhan, subalit hindi pinabayaan ng Diyos ang Kanyang sanlibutan kay Satanas. Napatutunayan ng Diyos ang Kanyang pag-angkin sa sanlibutan dahil sa patotoo at mga buhay ng Kanyang bayan. Sinasabi ng sanlibutan, "Kay Satanas kami naglilingkod. Kukunin namin ang sanlibutang ito ng Diyos at aangkinin upang magawa namin ang anumang aming maibigan." Laban sa maingay na pagmamataas na ito, sinasabi ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang bayan, "Sa Akin ang sangnilikha. Ako ang gumawa nito. Aking tutubusin ito. Luluwalhatiin Ko at isasakatuparan ang Aking layunin mula sa walang pasimula. Parurusahan Ko ng walang hanggang pagkawasak, sila na umaangkin nito."

Kaya mula sa walang hanggang panukala ng Diyos, malalim ang layunin sa *antithesis*, lalo na sa *decree* (o pagtatalaga) ng paghirang o *election* at pagtatakuwil o *reprobation*. Ang *antithesis* ay may kapangyarihan sa pagdurusa at kamatayan ni Jesu Cristo, kung saan, ang sakripisyo ni Cristo ang naging kabayaran sa mga kasalanan ng Kanyang bayan at nagtamo ng karapatan para sa

kanila upang kumatawan sa hangarin ng Diyos sa sanlibutan. Ang *antithesis* ang realidad ng gawa ng biyaya sa puso ng mga pinag-alayan ni Cristo. Ang Cristo na umakyat sa langit ang nagsugo ng Kanyang Espiritu sa mga puso ng Kanyang bayan upang maipanganak na muli, baguhin at pabanalin sila. Dahil sa gawa ng biyayang ito, magagawa ng bayan ng Diyos na maisapamuhay ang *antithesis* sa malungkot na sanlibutang ito.

Ang pamamahala ni Cristo ay panlahatan, dahil Siya ay Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari. Sa ngalan ng Ama, si Cristo ay namamahala sa buong sangnilikha ng Diyos – sa langit at sa mga anghel at sa lupa at sa lahat ng tao na nandito. Ang pamamahala ni Cristo, gayunman ay, malinaw na *antithetical*. Siya ay soberanong namamahala kahit sa masasama, upang kahit sa kanilang pagiging rebelde sila ay magsilbi para sa layunin pa rin ng Diyos. Magagawa ng mga hari sa lupa na magpanukala laban kay Cristo upang pasanin ang Kanyang pamatok mula sa kanila, subalit Siya na nakaupo sa mga langit ay tatawa, dahil inilagay ng Diyos ang Kanyang Hari sa banal na dako ng Zion (Mga Awit 2). Subalit pinamamahalaan ni Cristo ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, na sa gawa nito, Kanyang inihahanda ang trono ng Kanyang paghahari sa kanilang mga puso at iwinawagayway ang soberanong tungkod ng Kanyang pamamahala sa kanilang mga buhay. Dahil sa pamamahalang ito, magagawa ng Kanyang bayan ang magnais at magalak at maging masunuring lingkod ni Cristo, luluhod sa Kanyang harapan bilang kanilang Panginoon na nagmamay-ari sa kanila. Kapag ang pamamahala ni Cristo ay soberanong naisasagawa sa mga puso ng Kanyang bayan, ang pamamahalang gayon ay ibang-iba dahil ito ay naglalagos sa buong buhay nila. Walang bahagi sa buhay nila ang hindi tinatamaan; walang hindi nababago. Ang mga taong ito ngayon ang Kanyang pakay sa buong buhay nila. Sila ay masunurin at may kusang-loob na nagmamahal sa kanilang Panginoon. Kahit pa ang buhay ng mga lingkod ni Cristo ay makasalanan pa sa maraming aspeto nito, at samantalang ang pakikipaglaban ng bayan ng Dios ay nagsisimula sa kanilang likas na pagkamakasalanan, sila ay kakaiba pa rin, kahanga-hangang

binago, upang ang gawa ni Cristo ay makaapekto rin sa lahat nilang ginagawa.

Kapwa tumatawa ang masama at matuwid; subalit sa lubos na ibang paraan at sa ibang mga kadahilanan. Kapwa umiiyak ang masama at matuwid, subalit walang pagkakatulad na umiiral sa pagitan ng matuwid na umiiyak pero walang pag-asa, at ang masama na umiiyak sa kawalan ng pag-asa. Kapwa sila nag-aasawa, subalit ang masama ay nag-aasawa upang bigyang kasiyahan lang ang sariling pagnanasa, samantalang ang matuwid ay nag-aasawa upang masiyahan sa malalim na pagmamahal na nakaturo sa institusyon ni Cristo at ng Kanyang iglesia, at sa pagmamahal na ito, upang maghatid ng binhi ng tipan. Masusumpungan mo ang masama at matuwid sa pagawaan, kapwa gumagamit ng barena, kapwa nagpapalit ng gulong sa trak. Subalit ang *antithesis* ay umiiral mismo sa loob ng pagawaan. Ang masama ay gumagawa upang masiyahan sa bunga ng kanyang pagsisikap; ginagamit ng matuwid ang bunga ng kanilang pagsisikap upang suportahan ang para sa kapakanan ng kaharian ng Diyos. Kung kaya ang lahat ng ito ay nasa buong buhay nila.

## Ang *Antithesis* at ang Tipan

Ang paksa na ating tinatalakay ay ang pamumuhay ayon sa *antithesis* sa panahon ng imoralidad. Ang imoralidad ay lahat ng uri ng seksuwal na pagbalakyot (*perversion*). Ang pakikipagtalik ay may kinalaman sa pag-aasawa. Ito ay bahagi nito at limitado lamang dito. Kaya nga, ang paksa na ating pag-uusapan ay may kinalaman sa pag-aasawa at ang mahalagang aspeto nito sa usapin ng pagtatalik. Dahil ang pag-aasawa ay institusyon ng Diyos na dalisay at pinaging-banal ng biyaya, naglalarawan ng makalangit na relasyon ni Cristo at ng Kanyang iglesia, kaya ang pag-aasawa ay may kinalaman sa tipan ng Diyos. Marahil, mas magliliwanag ang *antithesis* sa puntong ito, at ang mga linya ng *antithesis* ay mas magiging matalas sa bahaging ito ng buhay kaysa saanman sa lahat ng mga ginagawa ng tao. Lalo na sa

puntong ito, sa pagitan ng *antithesis* at tipan ng Diyos ay mas magiging matalas ang pagtuon.

Ang relasyon sa pagitan ng tipan ng Diyos at ng antithesis ay maliwanag na itinuturo sa 2 Corinto 6:14 hanggang 2 Corinto 7:1. Sa mga talatang ito, nagtuturo ang Kasulatan sa atin na mamuhay na may *antithesis*, subalit ginawa ito ayon sa tipan ng Diyos sa Kanyang bayan.

> "Huwag kayong makipamatok sa mga hindi mananampalataya, sapagkat anong pagsasama mayroon ang katuwiran at kasamaan? O anong pagsasama mayroon ang liwanag sa kadiliman? At anong pagkakasundo mayroon si Cristo kay Belial? O anong bahagi mayroon ang mananampalataya sa hindi mananampalataya? Anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Diyos sa mga diyus-diyosan?"

Pagkatapos ay ang pagkakakilanlan ng tipan ng Diyos kaugnay sa pakikisama sa Kanyang bayan.

> "Sapagkat tayo'y templo ng Diyos na buhay; gaya ng sinabi ng Diyos, Ako'y mananahan sa kanila, at lalakad sa gitna nila, ako'y magiging kanilang Diyos, at sila'y magiging aking bayan."

Pagkatapos ay ang pagpapayo sa bayan ng tipan na mamuhay ayon sa *antithesis*.

> "Kaya nga lumabas kayo sa kanila, at humiwalay kayo, sabi ng Panginoon, at huwag kayong humipo ng anumang bagay na marumi."

Muli, ang pangako ng tipan.

> "At kayo'y aking tatanggapin, at ako'y magiging ama sa inyo, at kayo'y magiging aking mga anak na lalaki at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat."

Muli, ang pagpapayo.

> "Mga minamahal, yamang taglay natin ang mga pangakong ito, linisin natin ang ating mga sarili mula sa bawat karumihan ng laman at espiritu, na ginagawang sakdal ang kabanalan sa pagkatakot sa Diyos."

Ibig sabihin ng *antithesis*, na ang bayan ng Diyos ay bayang may tipan sa Kanya. Bilang bayan na may tipan, lumalakad sila sa sanlibutan bilang mga kaanib ng pamilya ng Diyos. Lumalakad sila na gaya sa mga anak na lalaki at babae ng kanilang Ama na nasa langit –sa sanlibutan na karamihan sa mga lumalakad ay mga anak ng kanilang ama, ang diablo (Juan 8:44). Sa pagkakaroon ng pakikisama sa Diyos at pagpapahayag na ang Diyos ay kanilang Diyos at sila ang Kanyang bayan, kinakatawan nila ang tipan ng Diyos sa sanlibutan. Kapag ang sanlibutan ay napopoot sa Diyos at sa hangarin ni Cristo, ipinapahayag nila sa kanilang pananalita at buhay na si Cristo ang kanilang Hari at ang hangarin ng Diyos ay kanilang hangarin. Wala nang makapaglalarawan nito na kasing-linaw ng pag-aasawa. Ang tipan ng Diyos sa Kanyang bayan kay Cristo ay isang espiritual na pag-aasawa na naisakatuparan kay Cristo na ang katawan ng bayan ng Diyos ay naging iisang laman. Ang ating pag-aasawa nga ay larawan ng makalangit na pag-aasawa (Efeso 5:22-23).

Ang isang mahalagang bahagi ng pag-aasawa ay gawaing pagtatalik. Ang gawaing ito ay binanggit, pinabanal sa biyaya ng Dios. Ang gawaing ito ay isang gawaing pang-tipan. Ang gawaing ito ay malupit na sinira ng sanlibutan na ating tinatahanan.

## Ang Imoralidad ng Sanlibutan

Mas mabuting hindi na awitin ang napakalungkot na awit ng matinding kasalanan ng imoralidad ng sanlibutan ngayon. Mas mabuting pakinggan ang babala ni Pablo sa Efeso 5:12, "Ang mga bagay na palihim nilang ginagawa ay kahiya-hiyang sabihin." Dapat nating seryosohin ang babalang iyan. Gayunpaman, ang ilang aspeto ng imoralidad ngayon ay dapat pansinin.

Sa nakaraang isandaang taon o higit pa, ang diborsyo ay isang kahihiyan at di-pinahihintulutan ng mga batas ng lupain at ng mga korte. Kahit sa sanlibutang masama kung saan ang problema ng mag-asawa ay dumarami, ang taong masasama ay madalang na naghahanap na makatakas mula sa pag-aasawa sa pamamagitan ng diborsyo. Ngayon ang diborsyo ay karaniwan na. Higit pa sa kalahati ng populasyon na may-asawa sa ating bansa ang nakipag-diborsyo at muling nag-asawa nang minsan at marami ang nakipag-diborsyo at muling nag-asawa nang maraming ulit. Ang diborsyo at muling pag-aasawa ay imoralidad, dahil nililinaw ng Panginoon na ang isang nakipaghiwalay sa kanyang asawa at nag-asawang muli ay nangangalunya. Ang pangangalunya ay imoralidad.

Makikita kung gaano kalapit maiuugnay ang kasalanang ito sa tipan ng Dios. Itinuturo ng Kasulatan na ang tipan na itinatag ng Dios sa Kanyang bayan kay Cristo ay tipan na hindi masisira na magtatagal hanggang sa walang hanggan. Ang pag-aasawa ay isa ring tipan na hindi masisira at mapapawalang-bisa lamang ng kamatayan. Ang mga taong may kamalayan sa tipan, dahil sa pagpapasalamat sa Dios sa Kanyang mga tipan ng kaawaan, ay pinapanatili ang makalupang larawan ng tipan na iyan sa kanilang buhay may-asawa.

Gayunman, hindi lang pinababaw ng sanlibutan ang mga batas patungkol sa pag-aasawa na kahit anumang aklat, artilulo sa diyaryo o tagapayo sa pag-aasawa ang kaagad na nagpapayo ng pagdi-diborsyo at pag-aasawang muli bilang solusyon sa anumang mga problema na inaakala nilang hinaharap nila sa estado ng pag-aasawa, ngunit nakikibahagi rin ang mga iglesia-ebangheliko sa sanlibutan. Sinasang-ayunan ng iglesia ang diborsyo; sinasang-ayunan ng iglesia ang muling pag-aasawa. Madalang sa anumang iglesia ang mahahanap mong nanghahawakan sa pagka-sagrado ng institusyon ng Diyos sa bigkis ng pag-aasawa. Ang *Protestant Reformed Churches* ay nagiging tampulan ng panlilibak at pangungutya dahil sa kanilang posisyong labanan ang diborsyo (maliban sa pakikiapid) at muling pag-aasawa. Ang ating iglesia

ay pinaratangang kulang sa simpatya para sa mga tao na may pangit na karanasan sa pag-aasawa, kulang sa pag-ibig sa mga may malungkot na pag-aasawa, kulang sa pagnanais na tulungan ang mga nakakaranas ng seryoso at mahirap na problema sa pag-aasawa. Ang halos pangmawalakang pagtanggap ng imoralidad na ito ay bago.

Bago rin na ang pag-aasawa ay hindi na itinuturing na kailangan pa ng dalawang taong nagsasama na nagmamahalan tulad sa mag-asawa. Sa nakalipas na limangpung taon, ang ganitong kasanayan ay tinatawag na "*shacking up*" o pagsasama ng di-kasal. Ngayon, ito ay sinasang-ayunan at naghihimok pa sa iba. Ang argumento nila ay ganito, mabuti sa tao ang sumubok muna tulad sa mag-aasawa at magkasamang mamuhay bago ang talagang pagpasok sa estado ng pag-aasawa. Kahit ang pagkakaroon ng mga anak ay hindi maituturing na mali. Ang *Grand Rapids Press* (isang pahayagan) kailan lang ay naglathala ng artikulo (na aking ikinagulat) na nagpapakitang mahigit sa kalahati ng mga nagsasama ngayon ay di-kasal. Ang kasanayang ito ay isang malawakang pakikiapid at nakakakilabot na imoralidad. Paanong ang gayong kasanayan ay maglalarawan sa tipan ng Diyos?

Ang batas ng "Cristianong" bansang ito ay hindi lamang tumatangkilik sa diborsyo at muling pag-aasawa kundi, dahil sa panggigipit ng *feminism* (pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae sa lahat ng bagay) at ng pangangampanya ng mga binabae, bakla at tomboy, ay patuloy na tumataas ang pagsuporta sa hayagang *homosexuality* o sa gawain ng mga bakla at tomboy. Ipinapasa ang mga batas na nagpapairal ng pag-aasawa at pagpapalaki ng mga anak ng mga taong *homosexual*. Hindi lang isinusulong ng batas ang napakapangit na kasalanang ito, kundi naglalagay pa ito ng pader na mangangalaga sa palibot nila upang pigilan ang sinumang hahatol sa karumaldumal na krimeng ito. Sa ibang bansa, at dumarami maging sa sariling atin, ang pagpuna sa gawain ng mga *homosexual* ay tinatawag na isang *hate crime* (krimen dulot ng galit) at ang nagpapatotoo sa katotohanan ay

mananagot at parurusahan. Maaari kang makulong sa pagsasabi sa kung ano ang sinasabi ng Kasulatan. At kung hindi pa masama ang lahat ng ito, ang mga iglesia sa buong bansa ay hindi lamang sumasang-ayon sa gawain ng *homosexual* kundi itinatalaga pa ang mga gumagawa ng gayong nakakakilabot na kasalanan sa sagradong tungkulin ni Cristo sa iglesia.

Samantalang dati ang pagsasalaula sa pagtatalik ay pinananatiling lihim, ngayon ang bawat uri ng pagtatalik ay bukas na sa talakayan at madalas itinuturo na sa mga bata mula sa mga unang taon nito sa paaralan. Lahat ng ito ay ginagawa sa ilalim ng anyo ng pagtuturo sa mga bata upang gamitin ang kaloob na pagtatalik ng wasto at may karunungan; ngunit ang *sex education* (pagtuturo patungkol sa pagtatalik) ay isang pagpapalusot lamang para sa guro na haling sa pagtatalik at nag-aalab na kalooban sa pagtatalik upang dalhin ang mga bata sa lambat ng pakikiapid.

Tayo ay araw-araw na napapalibutan ng usapin ng pagtatalik. Kapag isinara nila ang kanilang TV dahil nagpapabugnot sa kanya ang mga kahayupang matatagpuan kahit sa mga patalastas, dapat siyang magbantay sa pagbubukas ng *computer*. Kung ang isang *spam detector* o *filter* ay mag-alis ng kalaswaan, maingat dapat siyang sumubaybay sa halos lahat ng makikita sa *news magazine* na pumapasok sa tahanan, kung ito ba ay akma para tingnan ng kanyang mga anak. Sinasabi sa atin ng balita na mahigit sa walong milyong malalaswang *website* ang maaaring mapuntahan, at ang pornograpiyang ito ay makikita sa mga pampublikong aklatan ng sinuman na nagnanais ng ganitong bagay.

Sinasalaula, dinudumihan, at ginagawang bulok ang pinaka-banal, pinaka-sagrado sa lahat ng mga sakramento na itinalagang bigkis ng Diyos sa pag-aasawa sa nakalipas na mga siglo. Ang larawan ni Cristo at ng Kanyang iglesia ay naging laruan na lamang, isang kasangkapan na lamang sa pagbibigay ng kasiyahang pansarili, isang libangang malayang ginagamit. Hindi matatawaran ang masamang kasanayang ito sa usapin ng pagtatalik. Kulang pa kung tutuusin ang kahatulan ng Diyos sa gumagawa nito na

magtamo ng nakakahawang sakit dulot ng maling pagtatalik at ang magtangkang magsabi na ang AIDS ay isang kaparusahan ng Diyos sa mga makasalanan ay nanganganib sa paghatol ng publiko. Tinatawag ni Pablo sa Mga Taga Roma 1 ang *homosexuality* na kaparusahan ng Diyos sa tao dahil sa kasalanan nito na pagsamba sa diyus-diyusan. Tinatawag ng tao ang *homosexuality* na kaparatan niya at pinarurusahan ang sinumang magtatangkang magsabi ng kaparusahan ng Diyos sa ganitong kasalanan. May isang paglalarawan ang mga *Dutch* na (*zo'n groot geest, zo'n groot beest.*), na kung isasalin ang kahulugan, "Mas malaking espiritu, mas malaking halimaw." Kahit ang mga hayop ay walang sala sa kasalaulaang karaniwan na sa mga tao. Nagiging imposible sa isang banal ang makatakas sa pagsasalaulang ito sa pagtatalik. Ang buong sanlibutan ay nagiging imburnal, na puno ng karumihan at dumi, na naliligayahang languyan ng salinlahi ngayon. Natagpuan ng sanlibutan ang kanyang kasiyahan sa pag-inom sa tubig na buhat sa imburnal. Paanong tatawag ang ganitong malungkot na kalagayan sa bayan ng Diyos upang mamuhay ayon sa *antithesis* sa ganitong sanlibutan! Kayo'y maging banal, sapagkat Akong Panginoon mong Diyos ay banal! (1 Pedro 1:16).

Ang haka-haka na ang tawag ay *common grace* (pangkaraniwang biyaya) ay nakatulong pa upang lalong sirain ang *antithesis* kung ihahambing sa iba pang mga aral sa kasaysayan ng iglesia. Pinipilit ng *common grace* na magagawa ng masamang sanlibutan, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na magbunga ng mabubuting tao na gumagawa ng mabubuting mga gawa. Natagpuan ng *common* grace ang "mga elemento sa pagtubos" sa lahat ng ginagawa ng tao. Dahil sa kabutihang matatagpuan sa lahat ng tao, sinasabi sa atin ng *common grace* na may malawak na bahagi sa buhay kung saan may malaking lugar para sa pagtutulungan sa pagitan ni Cristo at ni Belial, sa pagitan ng katuwiran at kasamaan. At kung patungkol naman sa paksa ng pag-aasawa at pagtatalik, pinapaniwala tayo ng *common grace* na ang isang baso ng tubig na mula sa maling panig ng *filtration plant* ay mabuting inumin. O kung babaguhin ko naman ang paglalarawan, sinasabi ng *common*

*grace* na kahit may mabahong amoy sa tubig ng buhay na dumadaloy sa sanlibutan, may makakatagpo pa rin ng isang mabangong amoy dito.

**Ang Antithesis sa Pag-aasawa**

Ang mabuhay ayon sa *antithesis* ay nangangailangang mabuhay sa dalawang daigdig. Ang isang daigdig ay ang buhay na nasa masamang sanlibutang ito; at ang isa ay ang daigdig ng buhay sa langit, na nakatanim ng matibay sa ating mga puso, na siyang prinsipyo ng ating pagkatawag at buhay bilang mga mamamayan ng kaharian ni Cristo. Ang anak ng Diyos ay tinatawag ng Kanyang Amang nasa langit upang mamuhay ng oo/hindi: ito ay ang mamuhay ng buhay na dapat magsabi ng Hindi! sa kasalanan at Oo! sa Diyos, na siyang kalikasan ng *antithesis*. Medyo imposibleng magsabi ng Oo sa Diyos nang hindi ka muna magsasabi ng Hindi sa kasalanan. Ganito rin kahirap magsabi ng Hindi sa kasalanan nang hindi ka makapagsabi ng Oo sa Diyos. Ang pagkatawag ng Diyos sa Paraiso kay Adan ay upang magsabi ng Hindi sa ipinagbabawal na puno at Oo sa puno ng buhay.

Sinasabi ng lingkod ni Jesu Cristo ang malakas niyang Hindi sa lahat ng kabulukan sa pag-aasawa at usapin ng pagtatalik. Subalit dapat niyang sabihing Oo sa Diyos. Ang pag-aasawa ay kahanga-hangang institusyon ng Diyos. Ito ay isang relasyon sa buhay kung saan ang lalaki at babae ay nagiging iisang laman sa isang tunay, ngunit malalim ding espiritual na katuturan. Ang maging iisang laman ay matayog, dalisay, at napakaganda kaya sinabi ng Diyos na ito ay larawan ng relasyon ni Cristo at ng Kanyang iglesia. Sa makalangit na pag-aasawa, gayundin sa makalupang pag-aasawa, si Cristo at ang Kanyang bayan ay nagiging iisang laman; tayo ay katawan ni Cristo, buto ng Kanyang buto, at laman ng Kanyang laman, totoong totoo, hindi ito lubos na maiisip ng tao. Ginawa ng Diyos ang babae mula sa lalaki; sa pag-aasawa sila ay nagiging iisang laman muli. Isang dakilang pagpapala sa mga ikinasal sa Panginoon at namumuhay na banal sa estado ng pag-aasawa.

Ang pag-aasawa ang pangunahing institusyon ng lipunan. Ang Diyos ang nagkasal kina Adan at Eba at dito nalikha ang institusyon ng pag-aasawa. Ito ang tanging institusyon ng buhay na nilikha ng Diyos sa naunang paglalang. Ang iba pang institusyon ng buhay ay nabuo mula sa pag-aasawa: ang tahanan na may mga anak, ang iglesia, ang paaralan, ang tindahan, gobyerno, at ang pampublikong parke. Ang pag-aasawa, matapos ilatag ng Diyos ang huwaran sa lipunan, ay nagbunga ng isang maayos, ligtas sa anumang krimen, banal na lipunan na may banal na mga institusyon. Nang masira ang pag-aasawa, ang tahanan ay nasira rin, ang mga paaralan ay nabigo, ang pamahalaan ay naging bulok na institusyon kung saan maaaring magmula ang kakaunting kabutihan, naghari ang malawak na kaguluhan sa lipunan. Ang mga gobyerno ay nagtalaga ng mga *blue-ribboned committee* (isang komite na nag-uusisa sa paglabag ng mga nasa pamahalaan) na gumagastos ng milyun-milyon upang pag-aralan kung paano mapapagtagumpayan ang krimen sa lipunan, paghina ng edukasyon, at ang nakakahawang sakit dulot ng pakikipagtalik. Madalas, ang nagiging kasagutan sa komite ay: Mas maraming salapi ang dapat gastusin. Walang nagbabanggit na ang tahahan ang dapat sisihin sa lahat ng problema sa lipunan at walang magagawang pag-unlad saanman hangga't hindi nailalagay sa wasto ang pag-aasawa.

Nahihirapang maunawaan ng isang tao ang ginagawang pamamaraan ni Satanas. Hindi siya hangal. May nalalaman siya, siguro mas higit pa sa nalalaman natin, na ang tahanan ang pangunahin sa lipunan at kung mawasak ang tahanan, ang lipunan ay mawawasak din. Gayunman, siya at ang kanyang mga tagasunod na demonyo ay nagsagawa ng isang malaking pag-atake laban sa tahanan at ginamit ang tulong ng mga makasalanan sa kanilang pagnanais na wasakin ang tahanan. Ang mga demonyong ito sa ilalim ng pangunguna ni Satanas, ay nagpapakamatay. Kanilang winawasak ang sanlibutan mismo na nais nilang nakawin sa Diyos. Nais nilang itaboy ang may-ari sa kanyang nasasakupan (upang makapamuhay sila rito); subalit sa

paggawa nila nito, sinusunog nila ang bahay matamo lang ang kanilang nilalayon.

Ito ba ay kahangalan kay Satanas? Hindi ba niya nalalaman ang kanyang ginagawa? Hindi ba natutunugan ng masasamang tao na kasama niya ang kawalang-saysay ng kanilang plano? Oo, batid nga nila. Ang problema ay hindi ang kawalan ng malay; ang problema ay nasa pagkagalit sa Diyos at sa Kanyang nilalang. Ang masasama ang sumisira sa pag-aasawa (bagaman sa pamamagitan ng kanilang tagumpay ay winawasak nila ang lipunan) dahil ang pag-aasawa ay isang institusyon ng Diyos at matindi na ang kanilang poot laban sa Diyos na handa nilang wasakin ang sarili, mawasak lamang ang Diyos.

Ang mamuhay ayon sa *antithesis* ay nangangahulugang ang mananampalataya ay nagsasabi sa kanyang pananalita at gawa na: Hindi. Naiintindihan ka namin, Satanas. Nalalaman namin kung ano ang nais mo. Hindi namin nais na maging kabahagi sa iyong mga plano." Ito rin ay nangangahulugang sasabihin natin, "Opo, Panginoon. Magiging matapat kami sa Inyong tipan sa sanlibutan anuman ang maging kapalit nito sa amin, at gaano man karami ang maging pagdurusa nito. Mananatili kami sa pag-aasawa at itataguyod namin ang aming tahanan na ang saligan ay ang Inyong Salita. Lalaban kami upang mapanatili ang kabanalan ng Inyong maluwalhating institusyon, na ginawang makalangit kay Cristo. Mamumuhay kami sa kabanalan at kadalisayan nito."

Ang mamuhay sa *antithesis* ay nangangahulugan na patuloy nating kukundenahin ang diborsyo at muling pag-aasawa. Patuloy tayong magbibigay ng babala laban sa kasamaan at dulot nito. Magpapatuloy tayo na magpunyaging panatilihin ang ating mga pag-aasawa bilang larawan ni Cristo at ng Kanyang iglesia.

Ang mamuhay sa *antithesis* ay nangangahulugan na nauunawaan natin na ang pag-aasawa ay isang pagsasama sa pag-ibig, sa buhay at kagalakan. Mag-iibigan ang asawang lalaki at ang kanyang maybahay hindi lang kapag ang asawang lalaki ay

guwapo at malakas pa na nakatayo sa tabi ng kanyang magandang maybahay sa harap ng ministro sa kasal, kundi hanggang sa sila ay tumanda at maging hukluban na, puro kulubot na ang balat at baldado na, nanghihina at naghihinangalo na. Ang pag-ibig sa isa't isa sa pag-aasawa ay lumalarawan sa pag-ibig ng Diyos na nananaig sa buong buhay may-asawa. Ang asawang lalaki at asawang babae ay mga kaloob ng Diyos sa isa't isa, dahil hindi lamang sila mag-asawa, kundi magkapatid na lalaki at babae din kay Cristo. Sila ay binigyan ng pagpapala na mailaan ang mga taon ng kanilang buhay sa kagalakan ng pag-aasawa, at kanilang gugugulin ang walang hanggan sa kagalakan ng isang dakila, matayog, at higit na pinagpalang pag-aasawa kapag sila ay na kay Cristo.

Ang mamuhay sa *antithesis* ay nangangahulugan ng pagpapasalamat sa Diyos para sa pagkakataong magkaroon ng mga anak. Ito ay upang magamit ang kabanalan ng kahanga-hangang hiwaga ng pagtatalik, itong kagila-gilalas na kaloob ng Diyos, upang maghatid ng binhi ng tipan. Ito ay ang pagsampalataya na ang Diyos ang ating magiging Diyos at ang Diyos ng ating mga anak hanggang sa lahat ng salinlahi natin. Ito ay panghahawakan sa mga pangako ng Diyos na sa Kanyang kaawaan, gagamitin tayo upang ipanganak sila na Kanyang hinirang mula pa sa walang pasimula at tinubos ng malaking halaga ng Kanyang sariling Anak.

Kapag ang mga anak ay dumating sa isang tahanan, ang mamuhay ayon sa *antithesis* ay ang pangalagaan ang tahanan laban sa mga atake ni Satanas, hangga't maaari. Gawin ang tahanan na isang ligtas na kanlungan, ng kapayapaan, ng pag-ibig, isang lugar ng katiwasayan at katahimikan, isang lugar na malaya mula sa kaguluhan at katatakutan ng sanlibutan. Ang tahanan ngayon ay hindi na naiingatan mula sa pakikiapid at pagbaba ng moralidad. Ang isapamuhay ang *antithesis* ay ang pagpapakita sa mga anak na ang kanilang pagkatawag sa harap ng Diyos ay mamuhay na may kadalisayan. Maituturo lamang ito sa mga anak kapag ang asawang lalaki at asawang babae mismo

ay magkasama sa iisang magkatulad na pamumuhay ng kadalisayan. Sa gayon, ang mga tahanan rin, ay magiging larawan sa buhay na ito ng pamilya ng walang hanggang tipan ng biyaya ng Diyos.

**Ang Ating Mga Katawan, Templo ng Espiritu Santo**

Sinabi sa atin na ang pag-aasawa ay isang larawan ng makalangit at relasyong tipan sa pagitan ni Cristo at ng Kanyang iglesia. Ang tanong ay: Paanong magiging larawan ang makalupang katotohanang ito sa espiritual na kahulugan ng salita? Paanong si Cristo at tayo ay magiging iisang laman?

Si Cristo mismo ang gumagawa nito sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu nang isugo Niya ang Kanyang Espiritu sa mga puso ng Kanyang bayan. Sa pagtahan ng Espritu, tayo ay nagiging kaisa sa katawan ni Cristo. Sa talakayan nito sa *Lord's Supper* at sa hiwagang espiritual na pagkain at pag-inom kay Cristo, sinasabi sa atin ng *Heidelberg Catechism* (Q&A *76*) na ang pagkain sa katawan ni Cristo at pag-inom ng Kanyang dugo ay nangangahulugang "hindi lamang pagyakap na may pusong sumasampalataya sa mga pagdurusa at kamatayan ni Cristo… kundi gayundin… upang maging kaisa sa Kanyang banal na Katawan sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na tumatahan kapwa kay Cristo at sa atin; upang tayo, bagaman si Cristo ay nasa langit at tayo ay nasa lupa, gayunman ay 'laman ng Kanyang laman, at buto ng Kanyang buto'; at tayo ay nabubuhay at pinamamahalaang walang hanggan sa isang Espiritu, bilang mga kaanib ng gayong Katawan ay iisang kaluluwa."

Gaya sa ipinahayag ni Pablo sa 1 Corinto 6:16 laban sa pakikiapid, na dahil tayo ay kaisa ni Cristo ang ating mga katawan ay templo ng Espiritu Santo. Maling mali na maging kaisang- laman sa isang patutot kapag ang Espiritu Santo ay tumatahan sa ating mga katawan.

Ito ang kahulugan. Una, kahit pa ang sinasabi lamang ng apostol ay ang ating mga katawan bilang templo ng Espiritu Santo, hindi niya ibig sabihin na hindi kasama dito ang ating mga kaluluwa. Ang ating mga kaluluwa (ating pag-iisip, kalooban, damdamin), ay bahagi rin ng Templo ng Espiritu. Binibigyang diin ni Pablo ang katawan dahil sa katawan natin nagagawa ang pakikiapid. Kaya, sa usapin ng pakikiapid, tayo ay dapat maging maingat talaga sa ating mga katawan. Malalaman natin kung paano natin ginagamit ang ating mga katawan sa kung paano natin ginagamit ang ating mga pag-iisip at kalooban. Kung ang ating mga kalooban ay may nagpupuyos na apoy ng pagnanasa, gagamitin natin ang ating katawan upang bigyang-kasiyahan ang ating laman. Kung ang ating mga isipan ay puspos ng kalaswaan at lahat ng mga kabulukan sa pagtatalik, ang ating mga katawan nga ay magiging kasangkapan ng pakikiapid. Subalit kung ang ating mga katawan nga ay templo ng Espiritu Santo, ito ay dahil ang ating mga pag-iisip ay puspos ng Salita ng Diyos at ang ating mga kalooban ay naging masunurin sa kalooban ni Cristo.

Ikalawa, kapag ang ating mga katawan ay templo ng Espiritu, si Cristo ay tumatahan sa atin, dahil ang Espiritu ang nagiging kalakip sa atin kay Cristo at ginagawa tayong kaisa Niya. Kapag si Cristo ay tumatahan sa atin, tayo ay may pakikisama kay Cristo at sa pamamagitan ni Cristo, sa Diyos. Sa madaling salita, tayo ay dinala tungo sa pakikisama sa Diyos sa pamamagitan ng pananahan sa Espiritu. Ginagamit ng apostol ang salitang "templo" upang ilarawan ang ating mga katawan. Ang templo ay lugar kung saan ang Diyos ay tumatahan kasama ng Israel sa tipan ng pakikisama.

Ikatlo, ginagawa nating bahay-aliwan ang ating mga katawan na templo ng Espiritu Santo kung gagamitin natin ang mga ito sa kalaswaan. Kapag ginagamit natin ang ating mga dila sa malalaswang pagbibiro at patungo sa usapin ng pagtatalik, ginagamit nga natin ang bahagi ng templo ng Espiritu bilang bahay ng prostitusyon. Kapag tayo ay nasasangkot sa pakikipagtalik na labas sa pag-aasawa, ginagamit natin ang ating mga katawan

upang maging bahay ng patutot. Ginagawang lugar ng iba't ibang uri ng kalaswaan na nakaugnay sa pagsamba sa diyus-diyusan ng mga pagano ang templo ng Espiritu kapag ginagawa ang gawaing sekswal sa katawan.

Subalit nagagamit natin ang ating mga katawan bilang mga templo ng Espiritu Santo kapag ang ating mga isipan at puso ay puspos ng kaisipan sa Diyos.

Minsang nagturo si Jesus ng isang talinghaga. Hindi ito karaniwang itinuturing na isang talinghaga, at marahil hindi ayon sa mismong kahulugan ng isang talinghaga. Subalit dito inilalarawan ni Jesus kung ano ang nasa isip ko. Nagsabi Siya ng isang lalaki na nagmamay-ari ng isang bahay na puno ng maruruming espiritu. Kanyang pinalayas ang masasamang espiritu at nilinis ang bahay. Kanyang inayusan, pinaganda, kinuskos at pinakintab hanggang sa ang bahay ay naging parang bago. Subalit may nagawa siyang mali. Naiwan niya itong walang laman. At ang nangyari, ang maruruming espiritu na pinalayas ay hindi makahanap ng matitirhan. Kaya nagbalik siya sa bahay na pinagpalayasan sa kanya, at nakitang walang laman at siya ay nanirahan dito. Subalit nagdala pa siya ng pitong maruruming espiritu kasama niya, kaya ang bahay nga ay naging mas masahol pa kaysa nang dati.

Ang kahulugan nito ay maliwanag. Kung ikaw ay napapagod na sa pakikiapid, mapapalayas mo ang demonyo ng pagnanasa at sisikaping matapos na dito. Siguro sasabihin mo, "Hindi na ako gagawa pa ng anumang may kinalaman sa kalaswaan. Hindi ko hahayaan na ang aking katawan ay magamit pang muli sa kasamaan." Subalit paano kung iiwanan mo ang iyong isipan at katawan na walang laman? Kapag ang ating buong pagkatao ay puspos ng mga bagay ng Diyos at ng Kanyang Salita, walang anumang silid para sa demonyo ng imoralidad. Iyan ang *antithesis*. Iyan ay pagsasabi ng Hindi kay Satanas at Oo sa Diyos. Ang Hindi, kahit gaano pa ito kadiin, ay hindi sapat. Ang Oo sa Diyos ay mahalaga.

Kaya nga, nagsisimula ang pakikipaglaban sa imoralidad sa ating likas na pagka-makasalanan. Nagsisimula ito sa nag-aapoy na labanan upang ang ating mga katawan nga ay maging templo ng Espiritu Santo. Nagsisimula ito sa digmaan laban sa kapangyarihan ng kasalanan na nasa atin. At mula sa ating pakikibaka sa kasalanan at sa pananakop ng kasalanan sa loob natin, ang digmaang ito ay lumalaganap sa ating mga pag-aasawa, pagkatapos ay sa ating mga tahanan; at sa biyaya ng Diyos, sa ating mga iglesia, sa ating mga paaralan, sa ating buong buhay sa lupa. Ang lumalalang sugat ng imoralidad ay magpapatunay ng pagkasawi sa atin, sa ating mga pag-aasawa, sa ating mga tahanan, sa paaralan at iglesia malibang lumaban nga tayo laban sa namamagang alon ng imoralidad sa ating paligid.

## Pakikidigma ang Kahulugan ng *Antithesis* At Isang Paglalakbay

Gumagamit ang Kasulatan ng iba't ibang paraan upang ilarawan ang buhay kaugnay sa *antithesis*. Kung minsan ipinapaliwanag ng Kasulatan ang buhay na ito ayon sa pakikidigma. Ang bayan ng Diyos ay mga kawal. Tayo ay may espiritual na kasuotan at espiritual na sandata. Si Jesu Cristo ang Kapitan ng ating kaligtasan. Kaya tayo nga ay nasa sanlibutang ito upang lumaban. Tila baga, iniisip ng marami sa atin, na ang sanlibutang ito ay isang palaruan lamang, at ang pagtatalik ay isa lang sa mga laruan dito. Subalit ito ay isang digmaan, isang nag-aapoy na digmaan, isang digmaan hanggang kamatayan. Ito ay isang digmaan na buhat sa panlupang pananaw ay walang pag-asa, dahil malakas ang kapangyarihan ng masama. Subalit ito ay digmaan na tiyakan ang tagumpay. Ang pananampalataya ang katagumpayan na nanaig sa sanlibutan, dahil sa pananampalataya tayo ay inilalagay sa pakikiisa kay Cristo at napagwagian ni Cristo ang sanlibutan para sa atin. Ang ating lakas ay nasa Kanyang krus at ang ating tagumpay sa Kanyang pamamahala na nasa kanan ng Diyos. Tayo nga ay lumaban; ipaglaban natin ang ating pag-aasawa, para sa

ating mga tahanan, para sa kabanalan ng ating mga buhay. Huwag tayong magkulang sa lakas-ng-loob, dahil tayo ay magtatagumpay.

Minsan nagsasalita ang Kasulatan ng *antithesis* sa tawag na isang manlalakbay. Ginawa ito ni Pedro sa kanyang unang naging sulat. Ito ay isang kahanga-hangang sulat at walang sinumang pastor ang makakagawa ng mas mabuti sa masamang panahong ito maliban na ipangaral ang serye sa aklat na ito. May dalawang daan, dalawang landas na maaring lakaran. May isang malawak, doble ang linya, hinating *highway* na maayos at malapad, madaling daanan, puno ng mga tao na nagtatawanan at nagbibiruan. Sila ay nabibihag ng kaligayahan, makamundong kaligayahan, na nagbibigay kasiyahan sa pagnanasa ng pusong makasalanan. Subalit ang daan ay patungo sa impierno. Dahil sa kanyang likas na pagka-makasalanan, hindi nawawaglit sa paningin ng anak ng Diyos ang madaling daang ito. Dito ay walang pagdurusa na pag-uusapan, walang kahirapan sa paglalakbay, walang kalungkutan, dahil maraming tao ang naglalakbay dito.

Subalit ang ibang daan ay kakaiba. Ito ay marumi, mabato, makipot na daan. Ito ay luma at madulas at nangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsisikap. Ito ay isang daanan na may kakaunting tao, at madalas pa nga, sila ay umiiyak. Ito minsan ay naghahatid sa kanila sa madilim at maputik na daan, ngunit minsan sa maniyebeng tuktok humihihip ang mala-yelong hangin. Sa magkabilang panig ay may nag-aabang na mga halimaw at kakaibang nilalang at dinadakma ang ibang dumadaan dito. Ito ang daan na inilalarawan ni Jesus na pagtanggi sa sarili at pagpasan ng krus, isang daan ng pagdurusa at sakit, isang daan ng pag-uusig at kahirapan, isang daan na ang kagalakan ay hindi panlupa kundi pagsunod lamang – pagsunod sa Diyos.

Ang daan na ito ay patungo sa langit. Ang kahirapan sa daang ito ay lubhang marami, subalit ang dulo nito ay ang tinawag ni John Bunyan na "*The Celestial City*," o Ang Makalangit na Bayan. Ito

ang daan ng katuparan sa lahat ng pangako ng tipan ng Diyos. Ito ang daan sa makalangit na bayan kung saan ating makikita ng mukhaan si Jesus. Ito ang daan sa tahanan ng hukbo ng mga hinirang na ngayon ay kasama ng matutuwid na tao at ginawang ganap, at sa tahanan ng mga anghel.

Saang daan ka naroroon? Alin sa mga daan na ito ang nais mong daanan? Alam ko na lahat sa ating laman ay nagsasabi, "Huwag 'yung mahirap na daan. Ang nais ko ay isang masayang buhay. Nais ko ang yaman at kaligayahan sa panahong ito. Natatakot ako sa pagtanggi sa aking sarili at pagpasan ng krus." Subalit sa biyaya ng Diyos, kahit pa ito ang hinahanap ng ating laman, hindi natin nais ang daang ito. Nais natin ang daan ng kaluwalhatian, gaano man ito kahirap.

Ako ay nasa daang iyan. Sumama ka sa akin. Magkasama tayong maglalakbay. Haharapin natin ang mabagsik na pangungutya ng sanlibutan at ang galit ng masasama. May kasiyahan sa daang ito, kahit pa mahirap itong lakaran. Ito ay ang kasiyahan ng kabutihan ng Diyos at pag-ibig. Madarapa tayo sa daan na ito at minsan ay matutumba pa nga. Tayo ay mapapagod nang husto sa daang ito at maiisip minsan na hindi na natin kayang magpatuloy pa. Subalit, kahit may pasan tayong krus, ito ang magpapaalaala sa atin sa krus ng ating Tagapagligtas na Kanyang tinamo para sa atin ang walang hanggang kaligtasan. At sa Kanyang krus tayo ay tatakbo na nagmamadali upang hanapin ang kapatawaran para sa lahat nating mga kasalanan at kalakasan upang magpatuloy. Sa kapangyarihan ng Kanyang krus tayo ay susulong habang nagpapatuloy tayo palapit sa tahanan. May pinagpalang walang hanggan, kapahingahan mula sa lahat nating pagpapagal, kagalakang hindi natin masambit. Ang digmaan ay tapos na at ang paglalakbay ay kumpleto na. Doon ay makakasama natin si Cristo. Ito ang Makalangit na Bayan.